# Alamin ang Qur'an

Abdul Wahhaab Al-Turairiy



Alamin ang

*Alamin ang Qur'an*

**Abdul Wahhaab Al-Turairiy**

# *Alamin ang Qur'an*

Mula sa mga kabanata nito at mga talata

# Panimula

Ipinapaabot ko ang aking mga taos-pusong pagbati at taimtim na panalangin sa lahat ng mga minamahal na nagsimulang magbasa ng aklat na ito. Hindi ako nagpapanggap na pinangungunahan ko kayo sa aklat na ito, ngunit naglalakad ako kasama kayo sa isang paglalakbay kung saan sama sama nating ginagalugad ang mga anyo ng paraan ng pamumuhay. Sa paglalakbay na ito, sinasamahan tayo ng mga kaloob ng Qur'an at napapangibawan ng mga ilaw nito. Ang mga talata ng Qur'an ay ang tunay na mga salita ng Allah sa sangkatauhan, at ang pinaka pinagkakatiwalaan at dokumentado, at walang mga talata ng mga kapahayagan ng Allah ang napanatili tulad ng mga talata ng Qur'an na napangalagaan. Ito ang huling salita ng Allah sa sangkatauhan sa daigdig, at ito ang pinagmumulan ng tamang patnubay para sa sangkatauhan. Sinabi ng Allah: **(Katotohanan, itong Qur'an ay nagpapatnubay tungo sa anumang higit na matuwid.)** - Surah Al-Isra: 9

Ito ay matuwid sa panglipunan, matuwid sa pangsibilisayon, matuwid sa pangpulitika, matuwid sa pang ispiritwal, matuwid sa pangpisikal at matuwid sa pamumuhay.

Wala ni isang tao maliban lamang na siya ay nangangailangan sa pagbabasa ng mga talata ng Qur’an na ipinanaog ng Allah sa sangkatauhan; upang mahanap ang wasto at malinaw na sagot sa mga kritikal na tanong ng pag-iral: Saan ka nagmula? At bakit ? at saan ka tutungo ? At ano ang tadhana na aking tatahakin? Sa mga talata ng Qur’an, ang katotohanan ay nagiging malinaw, Ang misyon ay makilala, at ang patutunguhan ay natutukoy, At malalaman ang wakas at tadhana, at ang takip ng kalituhan ay mawawala sa ating mga mata, at ang pagkakabalisa ay mawawala sa ating mga puso, at natatanggap namin ang pinakatunay na mga sagot sa pinaka mapanganib at mapilit na mga katanungan sa pag-iral. Pagkatapos ng kalituhan, matatagpuan natin ang pananampalataya at katiyakan. At pagkatapos ng pag aalala katahimikan at kapanatagan. Ang Allah ay nagsabi: (**At sinuman ang naniniwala sa Allah - Kanyang papatnubayan ang kanyang puso. At ang Allah ay Maalam sa lahat ng bagay.**) - Surah At Taghaabun: 11

Sa mga pahinang ito, isang kabanata ng Banal na Quran at mga talata nito, kasama ang maikling pagpapaliwanag na napapalapit ang kahulugan nito. Upang maging huwaran na magpapakilala sa Qur’an para sa mga hindi pa nakakabasa nito. At makikita niya rito ang isang sinag ng kanyang liwanag at isang tanglaw ng kanyang mga ilaw. At upang maging tagahikayat sa pagpapadagdag ng mga patnubay sa Qur’an at mga talata nito.

Ang bahaging ito ay hindi nagpapaliban sa sinuman at hindi sapat para sa kanya na basahin ang buong Qur’an mula sa simula hanggang sa katapusan. Ngunit ito ay isang tulong para sa kanya kung binabasa niya ito na naging malinaw na sa kanya ang mga tampok, mga pangunahing isyu, at pangkalahatang landas nito sa kanyang isip.

At hinihiling ko sa Allah na gabayan ang bawat nangangailangan ng katotohanan at naghahanap nito. **(at ang Allah ay magpapatnubay kung sino ang Kanyang naisin sa matuwid na landas).**

**Abdul Wahhaab Al-Turairiy**

Istanbul

28/ 2/ 2025

# Pambungad

## *Ang pagpapakilala sa Qur'an*

1- Paano bumaba ang Qur'an

2- Mga Patunay ng Qur'an

3- Mga palatandaan ng pagkatotoo ng Qur'an

4- Pangangalaga sa Qur'an

# Paano ibinaba ang Qur'an?

Ang pagkakaroon ng mga henerasyong ito ng sangkatauhan sa mundong ito ay hindi naging walang kabuluhan o nagkataon lamang, ngunit ito ay ang pagkakaroon ng banal na dahilan na siyang dahilan ng Lumikha sa araw na sila ay Kanyang nilikha. Ito ay isang lumilipas na buhay na sinusundan ng isang panghabang buhay na pag iral. Sinabi ng Allah: (**Kaya inakala ba ninyo na kayo ay Aming nilikha nang walang kabuluhan [walang mahalagang layunin], at kayo ay hindi ibabalik muli sa Amin?"**) - Surah Al Mu'minoon: 115

At dahil sa karunungan at awa ng Panginoong Lumikha ay hindi Niya iniwan ang sangkatauhan upang maghanap ng palaisipan sa dahilan ng pag iral nito at ang daan ng takbo nito, at ang katapusan ng kapalaran nito, bagkus Siya ay pumili mula sa Kanyang mga nilikha na Kanyang nilikha na mga Sugo na karapat-dapat magdala ng Kanyang mensahe sa sangkatauhan.

Pagkatapos ay isinugo Niya ang mga Sugo na ito na may mga Aklat na Kanyang ipinadala sa kanila, at sa pamamagitan ng isang kapayahagan na ipinahayag Niya sa kanila na ipaalam ito sa mga tao at sabihin sa ibang tao - Ito ang salita ng Allah na nakatala sa inyo, upang kayo ay sumunod sa Kanya, na iniutos Niya sa inyo na sundin Siya, at iyan ang Kanyang landas na

dapat tahakin. Kaya ang mga aklat ay inihayag sa mga dating sugo ng Allah na sina Abraham, Moises, David, Jesus at iba pang mga propeta ng Allah. Ang pakikipag-usap ng Allah sa sangkatauhan ay isang paghahayag na kanyang ipinahayag sa kanyang mga sugo na ipaalam sa sangkatauhan. Ito ay pagpapakita ng awa ng Allah sa kanyang nilikha, sapagkat hindi Niya sila iniwan na nalilito at naligaw ng landas, At isang pagpapakita ng karangalan ng Allah para sa kanyang nilikha kung saan ang dakilang Lumikha ay nagsasalita sa maliit na nilalang na ito sa pamamagitan ng kanyang pakikipag-usap. At ginagawa siyang karapatdapat sa Kanyang salita upang makipag-usap sa kanya at sa kapahayagan na ipinahayag Niya sa Kanyang mga Sugo upang iparating sa kanya. Kung kaya ang sangkatauhan ay nakatanggap ng isang pinakamataas na karangalan na ang Allah ay nagsalita dito, at tumanggap ito ng isang kataas taasang karangalan na pinili ng Allah ang mga sugo mula rito upang ipaalam ang Kanyang mga salita sakanila. At nakatanggap siya ng biyaya at awa mula sa Allah na siya ay pinatnubayan, upang hindi siya mamuhay sa pagkabulag ng pagkaligaw, at hindi siya mag-aalinlangan sa kalagayan ng pagkalito. Inihayag Niya sa kanya ang isang paghahayag na nagpapakita ng dahilan ng paglikha, ang tungkulin ng mga nilikha na kanilang gagawin, ang tamang landas na dapat nilang tahakin, at pagkatapos ang kanilang gantimpala at ang kanilang pangwakas at walang hanggang tadhana.

Ang paghahayag ng Allah ang siyang dakilang katotohanang gumagabay na hindi mauunawaan ng mga tao sa pamamagitan lamang ng pag iisip at pagtatanong. Ngunit kapag natanggap nila ito, tatanggapin ito ng kanilang likas na ugali na nilikha ng Allah sa kanila.

Samakatuwid, lubhang kailangan ng sangkatauhan na

tanggapin ang patnubay na ito mula sa dakilang Lumikha. Ang biyaya, awa at karangalan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapataw ng paghahayag na ito sa kanila ay dakila nang mangako ang Diyos sa mga henerasyon ng sangkatauhan sa Kanyang paghahayag na Kanyang inihayag, at ang Kanyang mga aklat na Kanyang inihayag sa Kanyang mga sugo, kaya ang mga banal na aklat na ito ay ang ningning ng patnubay sa paglalakbay ng mahabang kasaysayan ng sangkatauhan. Tulad ng mga pahayagan na ipinahayag kay Ibrahim, ang Torah kay Moises at ang Ebanghelyo kay Jesus, ang Banal na Qur'an ay ipinahayag kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allaah).

Nagsalita ang Allah sa pamamagitan nito at ibinaba ito sa pamamagitan ni Anghel Gabriel at ito ay ipinahayag kay Propeta Muhammad – sallAllahu alaihi wa sallam – tulad nang pagpapahayag nito sa mga naunang mga Propeta. At pinili ng Allah na ang magpaabot nito sa mga tao ay tao din na tulad nila. Na siyang pinakamainam sa kanila. Pinili siya ng Allah upang maging Sugo sa kanila tulad ng pagpili Niya kay Abraham, Moises at Hesu Kristo upang maging Sugo para sa kanilang mga nasyon.

Ito ang panghuling aklat na ipinahayag ng Allah sa Kanyang panghuling Propeta upang maging aklat na mananatili para sa sangkatauhan. Ang kanyang patnubay ay sumasama sa kanila sa bawat henerasyon hanggang sa katapusan ng buhay ng sansinukob na ito, at ang pagpapalawig ng buhay na ito.

# Mga Patunay ng Qur'an

Hindi nagpadala ang Allah ng isang propeta maliban sa naglagay Siya nito ng tanda na nagpapahiwatig ng katotohanan ng kanyang propesiya, na hindi maaaring magawa ng mga tao. Tulad ng paggawa Niya ng tungkod na maging palatandaan para sa kanyang propetang si Moises (sumakanya nawa ang kapayapaan) na ihagis ito sa lupa upang ito ay maging ahas na gumagapang, at papauluin niya gamit nito ang dagat at maging isang tuyong daanan, at papaluin niya gamit nito ang bato na magkakaroon ng mga bukal na may dumadaloy na tubig.

Nagbigay rin Siya ng mga palatandaan para kay Eisa o Hesu Kristo tulad ng pagbubuhay ng patay, pagpapadilat ng bulag at pagpapapagaling ng ketongin.

Itong mga palatandaan na pisikal ay naangkop sa mga naunang mga nasyon.

Tungkol naman kay Propeta Muhammad ﷺ ang kanyang mensahe ay sakop ang lahat ng panahon.

Kung kaya ang palatandaan ng kanyang pagkapropeta ay mananatili at bumabagay sa lahat ng henerasyon at nasyon. Ito ang Qur'an na ipinadala ng Allah sa kanya, Ito ang katibayan ng propesiya na maliwanag at makapangyarihan.

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ : " **Walang propeta sa lipon ng mga propeta maliban lamang na nabigyan ng mga palatandaan na walang katulad nito na pinaniwalaan ng mga tao. Katotohanan ang naibigay sa akin ay isang kapahayagan na ipinahayag ng Allah sa akin; kung kaya aking hinahangad na ako ang may pinakamaraming tagasunod kaysa kanila sa araw ng muling pagkabuhay."** Bukhariy at Muslim

Ang Qur'an ay salita ng Allah na ipinahayag Niya sa Kanyang sugo, at ito ay ipinaabot ng Sugo kung paano ang Allah ay nagsalita nito, kung kaya nakarinig ang mga tao mula sa Sugo na ito ng salita na hindi pa sila nakarinig ng tulad nito noon. At paano sa palagay mo ang mga salita ng Allah na Makapangyarihan sa lahat kumpara sa mga salita ng tao sa kanyang pagbigkas at kahulugan? Ang kahigitan ng salita ng Allah sa ibang salita ay katulad ng kahigitan ng Allah sa Kanyang mga nilikha.

Dumating ang Qur'an na kakaiba sa pahayag nito. Hindi siya katulad ng tula ng mga manunula, ni hindi katulad ng sermon ng mga nagsesermon, ni katulad ng aral ng mga mangangaral, ito ay nag-iisa sa kanyang itsura at paghahanay ng salita na wala pang nakagaya sa kanyang mga kabanata at talata. Walang sistemang katulad nito bago pa ito at pagkatapos nito.

Ang kanyang mga talata ay nailalarawan sa kakaibang pagiging maikli, na nagpapahayag sa ilang salita ng mga malalaking pangunahing isyu na karaniwang mahirap ipahayag maliban sa mahabang pangungusap.

Ito ay kahanga hanga sa kanyang pagsasalita sa mga tao, kung saan ang patunay ng isip, at ang emosyonal sa pananalita , ay pinagsama sa pagitan ng paghihikayat sa isip

at pagpukaw ng damdamin, kaya siya ay may kapangyarihan sa lahat ng nakikinig sa kanya, upang makinig sa kanya, at maaapektuhan siya.

At ang pagiging kahanga-hanga sa pananalita nito ay sumasaklaw ito sa lahat ng antas ng mga tao. Kung kaya hindi ito bumababa sa talino ng mga matatalino at hindi rin tumataas sa pag-intindi ng mga karaniwang mga tao, ang lahat ay maiintindihan ito alinsunod sa kanyang kakayahan.

Lahat ng salita kapag iyong iniulit-ulit ay magsasawa ka maliban sa Qur'an; dahil sa tuwing iniulit-ulit mo ito ay madadagdag ang iyong paghanga nito at pananabik. At ang lahat ng salita kapag inulit mo ang pagbabasa nito ay makakatuklas ka ng kapintasan nito maliban sa Qur'an dahil kapag ito ay iyong inulit ay matutuklasan mo ang pagiging kakaiba nito.

Nang ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allaah) ay dumating sa mga tao dala ang Qur'an na ito, siya ay lubos na mahigpit, na nagsabi sa kanila nang may kapayapaan at tiwala: **(Ito ang Aklat na walang pagdududa sa loob nito.) -** Surah Al Baqarah: 2

Pagkatapos ay itinuon niya ang kanilang pansin sa kadakilaan nito sa pamamagitan ng paghingi sa kanila na subukang makagawa ng isang kabanata na katulad nito sa sistema at kahulugan.

Pagkatapos ay sasabihin niya sa kanila ang resulta ng kanilang pagtatangka na sila ay hindi makakayang gumawa ng tulad nito kahit pa sila ay humingi ng tulong sa lahat kahit gaano pa karami ang pagtatangka at kahaba ng panahon. Sinabi ng Allah:

**( At kung kayo ay nag-aalinlangan hinggil sa anumang Aming ibinaba [o ipinahayag] [ang Qur'an] sa Aming alipin [na si Muhammad], magkagayon, magpakita kayo ng isang kabanata na katulad nito at inyong tawagin ang inyong mga saksi bukod sa Allah [upang kayo ay tulungan], kung [tunay ngang] kayo ay makatotohanan. Subali't kung hindi ninyo magawa, at kailanman ay hindi ninyo magagawa.)** - Surah Al Baqarah : 23-24 at kanya pang sinabi: **(Sabihin: "Kung ang sangkatauhan at jinn ay magtipon upang magpakita [kumatha] ng katulad nitong Qur'an, hindi nila magagawang magpakita [kumatha] ng katulad nito, kahit sila ay magtulungan sa isa't isa.) -** Surah Al-Israa: 88.

Ang hamong ito ay hindi lamang sa pagitan ng Propeta at ng kanyang mga Arabong tao, kundi pati na rin sa pagitan niya at ng lahat ng tao na may iba't ibang wika at lahi, at lalo na sa pagitan niya at ng mga tao at jinn na pinagsama sa kanyang panahon at sa lahat ng oras na darating pagkatapos niya.

Nabigla ang mga Pagano sa kanyang nasyon sa hamon na ito; sapagkat sila ang pinakamaalam na tao sa pananalita at pagpapahayag at pinakamaalam sa baytang ng pananalita. Kung kaya sila ay nabigla at nagulat at nakaramdam na ang baytang ng salitang ito ay hindi maaaring mapangingibawan at walang sinoman ang may kakayahan na makagawa ng tulad nito.

Mula nang araw na ang Qur'an ay ibinaba at ang hamong ito ay ipinahayag, walang malubhang pagtatangka na magdala ng gayong Qur'an hanggang sa panahong ito at hinding hindi ito mangyayari.

Ang Qur'an na ito ay patuloy na may impluwensya at kaakit-akit. Bagkus karamihan sa mga edukado ngayon na

nagbalik loob sa Islam ang dahilan ng kanilang pagbabalik loob sa Islam ay sa pamamagitan ng pagbabasa ng Qur'an at naimpluwensyahan ng mga kahulugan nito, kahit na binasa nila ito na isinalin sa ibang wika.

At kapag tiningnan mo ang mga naimpluwensyahan ng Qur'an ay talagang matatagpuan mo na hindi isang talata ang naka impluwensya sa kanilang lahat ni hindi isang usapin, bagkus matagpuan natin na ang bawat sa kanila ay may sariling saloobin sa Qur'an na hindi katulad ng iba, at mga talata na naka impluwensya sa kanya na para bagang para sa kanya ibinaba at naramdaman niyang ito ay natatangi sa kanyang sariling kalagayan. At ang iba naman ay naimpluwensyahan ng mga talata na kanyang naramdaman na parang siya ang tinutukoy at ang kanyang kalagayan ang inilalarawan. Ang bawat isa ay naimpluwensyahan nito sa natatanging panig. Dahil lahat ay nakatagpo ng kanyang hinahanap, nalutas ang kanyang problema, at natugunon ang kanyang kaso.

Kung ang Qur'an ay palagiang nakaimpluwensya sa iba't ibang mga isip, at lahat sila ay natagpuan dito kung ano ang inaasam ng kanilang mga kaluluwa sa mga tuntunin ng paniniwala at pag uugali, at mga solusyon sa mga pangunahing problema na nag aalala sa kanila, kung gayon ito ay dapat na nagmula sa lumikha ng mga kaluluwang ito at alam ang kanilang mga kaloob-looban at landas, at ang mga lugar ng kanilang emosyon at impluwensya, at ang kanilang mga katanungan at pagkalito. Sabi ng Allah: (**Hindi ba nalalaman ng sinumang lumikha [ang Kanyang mga nilikha]? At Siya ang [Lubos na] Mabait, ang Nakababatid.**) - Surah Al Mulk : 14.

# Mga palatandaan ng pagkatotoo ng Qur'an

Ang Qur'an ang kauna-unahang aklat sa nasyon ng mga arabo, at walang naitala na ang mga arabo ay nagkaroon ng aklat na nakasulat sa kanilang mga kamay bago pa ito. Ito ay nangangahulugan na ang Propeta Muhammad ﷺ ay hindi gumaya sa isang gawain na nauna, bagkus ang Propetang ito ay siyang nagdala ng aklat na hindi kilala ng mga arabo sa nasyon ng mga walang kaalaman.

Tunay na siya ay isang walang pinag-aralan na lumaki sa piling ng mga walang kaalaman. Dinadaluhan niya ang kanilang mga pangyayari at nabubuhay siya sa kanilang kabuhayan, wala siyang ugnayan sa kaalaman at sa mga maaalam. Nabuhay siya ng ganito sa loob ng 40 na taon na ni minsan ay hindi naitala na siya ay nagsulat ng isang tula ni gumawa ng isang sermon, at walang naiulat na salita na kanyang sinabi tulad ng pag-ulat ng mga manunula sa kanyang panahon. Pagkatapos ay bigla nalang siyang lalantad at makikipag-usap sa kanila ng bagay na hindi niya minsa nasabi sa kanyang buong buhay, at ni minsan ay hindi siya nagbanggit nito ng kahit kanino ni isang letra lamang nito. Bigla nalang na kanyang maibabalita

sa kanila ang mga balita tungkol sa mga naunang mga nasyon at naunang mga mensahe at mga nilalaman ng panawagan ng mga naunang mga Sugo at mga balita tungkol sa pangyayari sa mundo at kabilang buhay. Kung kaya, anong pag-iisip ang kayang isipin na ang biglaang paglantad ng ganitong kaalaman ay resulta ba ng mga naunang buhay sa kamangmangan? Hindi maiiwasan sa kaso ng isip na ang biglaang paglantad na ito ay may isa pang lihim na hinahangad na lampas sa mga limitasyon ng tao at sa bilog ng mga sinaunang kaalaman.

Pangalawa : Ang estilo ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allaah) sa kanyang pagnanalita, pagsesermon at pakikipagsulatan ay kilala at napanatili, at ito ay iba sa Qur'an na kung saan ay hindi nito mapapantayan ang pamamaraan ng pagpapahayag ng Qur'an.

Pangatlo : Ang mga kuwento ng mga propetang sina Jose, Moises, David, Solomon, Job, Hesu kristo at bago sila ay hindi isinaysay sa pamana ng mga Arabo, at hindi nila alam ang kanilang mga detalye, at ang kanilang kaalaman ay limitado lamang sa kanilang mga ama na sina Abraham at Ismail. Subalit ang mga kuwentong ito ay dumating na detalyado sa Qur'an, sinabi ng Allah: **(Ito ay hindi mo batid, maging ikaw man o ang iyong mamamayan, bago pa man [dumating sa iyo ang kapahayagang] ito) -** Surah Hud : 49 kaya saan ito kinuha ni Muhammad ﷺ?

Tulad ng kanyang pagbalita sa kwento ng mga naunang mga nasyon na kung saan ay hindi pa niya ito noon alam ni ang kanyang nasyon, siya ay dumating na may tapat na mga pangako, na walang anumang nagpapahiwatig nito sa panahon na sinabi niya ang mga ito, ni hindi niya ipinangangaral ang mga ito sa panahon ng kanyang pagpangako nito.

Ang mga ito ay mga talata kung saan si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay nagbanggit sa kung ano ang lampas sa kanyang pakiramdam at isipan ng mga balita ng kung ano ang noon, kung ano ang mangyayari at kung ano ang nangyari.

At papaano na sa tuwing sinasabi niya sa atin ang tungkol sa nakaraan, ang katibayan ng kasaysayan ay pinatotohanan siya. At tuwing sinasabi niya sa atin ang hinaharap, pinaniniwalaan ito ng mga gabi at araw. At sa tuwing sinasabi niya sa atin ang tungkol sa Allah at sa mga Anghel at sa mga bagay na may kaugnay sa hindi nakikita, pinatotohanan ito ng mga Propeta at mga kapahayagan.

Pang-apat: Batid natin na dumaan sa mahirap na kalagayan ang kanyang buhay; sapagkat lahat ng kanyang mga anak ay namatay nang siya ay nabubuhay maliban sa kanyang anak na babae na si Fatimah. Siya ay nagkaroon ng asawa na may malaking puwang sa kanyang puso at buhay, si Khadijah - radiyAllahu anha - at pagkatapos siya ay namatay sa pinakamahirap na kalagayan ng buhay ng Propeta.

Sa kabila nito, ang Banal na Qur'an ay hindi naglalaman ng gayong mga bagay, ni ang kamatayan ng kanyang mga anak, ni ang kamatayan ng kanyang asawa, bagaman ang mga bagay na ito ay nakasakit sa kanya at sumakop sa kanya at kinuha ang malaking bahagi ng kanyang emosyon, at kung ang Banal na Qur'an ay kanyang personal na produkto, ang kanyang sikolohikal na emosyon ay lilitaw sa kanyang mga teksto.

Magugulat din ang mambabasa ng Qur'an na hindi binanggit ng Qur'an ang pangalan ng ina ng Propeta, ang pangalan ng kanyang asawa na kanyang minahal, wala sa kanyang mga anak na babae, o sinuman sa kanyang pinakamalapit na kasama

tulad ng kanyang kasamang si Abu Bakr, ang kanyang pinsan na si Ali o ang kanyang tiyuhin na si Hamza.

Bagkus, ang mga pangalang inuulit sa Qur’an ay ang mga pangalan ng mga propetang Abraham, Moises, Jesus at iba pa. Ang tanging babaeng binanggit sa Qur’an sa kanyang pangalan, na inulit at ipinangalan sa kanya ang buong kabanata ay si Maryam, ang ina ni Jesus, sumakanilang dalawa nawa ang kapayapaan.

Ang mga ito ay pawang mga pahiwatig na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allaah) ay hindi pinipili ang ipinahayag sa kanya, kundi tinatanggap ito at ipinapahayag ito ayon sa kanyang ipinaalam.

At na ang Qur’an na ito ay isang paghahayag na ipinahayag ng Allah kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allaah) tulad ng ipinahayag sa mga propeta na nauna sa kanya, at si Muhammad ay walang anumang nakapaloob dito maliban sa pagtanggap nito at pagpapaalam nito sa mga tao. Sinabi ng Allah: (**At hindi [maaaring magkagayon] para sa Qur’an na ito ay kathain ng iba bukod sa Allah, bagkus ito ay isang pagpapatunay ng [mga kapahayagang] nauna rito, at isang masusing pagpapaliwanag ng mga [lumang] kasulatan. Walang alinlangan na ito ay nagmula sa Panginoon ng lahat [ng mga nilikha]). -** Surah Yunus: 37

Ang Qur’an ay hindi galing sa kanya, kundi ipinahayag sa kanya, at hindi ito ipinahayag mula sa Kanyang puso, kundi ibinaba sa Kanya.

# Pangangalaga sa Qur'an

Nagkaroon ng malinaw at matibay na pangako mula Qur'an sa pangangalaga nito, sinabi ng Allah**: (Katotohanan, Kami ang nagpahayag ng Paalala [Qur'an] at katotohanan, Kami ang magiging Tagapagbantay nito [laban sa anumang katiwalian]. -** Surah Al Hijir: 9. Ang talatang ito ay ipinahayag bago pa man matapos ang paghahayag ng Qur'an at bago ito naipon sa isang aklat. Ito ay madaling mawalan ng kung ano ang nakasulat mula dito, at makalimutan kung ano ang naisaulo mula dito. Ngunit ang pangako ng Qur'an ay tiyak na ito ay mapanatili ng pangangalaga ng Allah na nagpahayag nito.

Makikita natin ngayon mula sa likod ng maraming siglo ang katotohanang pangangalaga ng Allah sa aklat na ito. Makikita natin dito ang Milagro ng pagigiging banal ng Aklat na ito, at makikita natin ang mga kalagayan, pangyayari at mga dahilan na ikakasira ng aklat na ito sa loob ng mga siglo na yaon na kung saan ay hindi maaring hayaan nito ang Qur'an na manatiling protektado na kahit isang salita ay hindi napalitan at kahit isang pangungusap ay hindi nabago. Kung walang lakas na labas sa kakayahan ng tao na mas malakas kaysa sa mga kalagayang ito, pangyayaring ito at mga dahilan na sisira

nito na pangangalagaan ito mula sa pagbabago at pagpalit at pangalagaan ito mula sa paglalaro at paglilihis.

Ang mga Muslim ay dumaan sa mga kahinaan sa kanilang lakas at  pang-aapi mula sa kanilang mga kaaway. At ang mga kalaban ay nagsumikap na makapinsala sa Islam at mga muslim sa lahat ng paraan. Ngunit hindi nila nagawa na baguhin ang mga nakasulat sa Qur'an o sirain ito. At sila ay hindi nagpabaya nito; sapagkat sila ang pinakamasigasig na mga tao sa pag-abot ng layunin na ito kung ito man ay maabot, at makamit ang nais na ito kung ito man ay makamit. Ngunit sa lahat ng kanilang makakaya, wala silang maidudulot na kahit ano sa iningatan na aklat na ito. Ito ay nagpapahiwatig ng pagiging banal ng Qur'an na ito. Ang kahanga-hangang himala na ito ay nagpatotoo bilang paghahayag mula sa Allah na Makapangyarihan at Maalam.

Ang pangakong ito noong panahon ng Sugo ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay isang pangako lamang.

Subalit ito ngayon sa likod ng lahat ng malalaking pangyayari at sa likod ng mahabang siglo ay isang buhay na himala ng pagiging banal ng aklat na ito na kung saan ay walang makikipagtalo dito maliban sa matigas ang ulo at mangmang.

At tunay ang sinabi ng dakilang Allah: **(Katotohanan, Kami ang nagpahayag ng Paalala [Qur'an] at katotohanan, Kami ang magiging Tagapagbantay nito [laban sa anumang katiwalian]). -** Surah Al Hijir : 9

At dito ay makikita natin ang daan daang libong manuskrito ng Qur'an na malayo sa pagitan sa panahon ng pagsulat nito at sa lugar kung saan ito isinulat at walang pagsasalungatan sa pagitan nito ni isang salita o higit pa.  At matatagpuan natin

ang milyun milyong mga nakasaulo ng Qur'an na kumalat sa lahat ng mga bansa sa buong mundo. Ganon paman ang pagsasaulo ng isang mambabasa mula sa kanila ay walang pinagkaiba sa iba. Binabasa pa rin ng mga Muslim ang Qur'an ngayon sa kanilang mga masjid tulad ng nabasa sa masjid ng Sugo ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) sa araw na ito ay ipinahayag.

**At kung may mali sa isang kopya ay naitatama ito ng libu libong kopya. Kung ang isang mambabasa ay nagkamali dito, siya ay iwawasto ng milyun milyong mga nakasaulo.**

Sa kabilang banda ang mga silid-aklatan ay puno ng libu-libong nakasulat na kopya ng Biblia. Ngunit walang magkaparehong kopya ng mga ito, at habang mayroong bagong natutuklasan na manuskrito ay mas nadadagdagan ang bilang ng pagkakaiba.

# Kabilang sa mga kabanata ng Qur’an at mga talata nito

1- **Surah Al-Fatiha**

2- **Surah Maryam**

3- **Surah Qaf**

4- **Surah Al-ikhlas**

5- **Ilan sa mga talata sa Qur’an**

# Surah Al-fatiha

Ang surah Al-Fatiha ay ang unang kabanata sa Qur'an, at ito ang pinakadakilang kabanata sa loob nito, tulad ng sinabi ng Propeta ﷺ sa isa sa kanyang mga sahabah : **"Ituturo ko sa iyo ang pinakadakilang kabanata sa Qur'an, - Alhamdulillahi rabbil alameen – ito ang tinatawag na pitong pinaulit-ulit, at ang dakilang binabasa na ipinahayag sa akin."**

Ang mga ito ay pitong talata at sa kanilang pagiging maiksi ay naiipon ang kabuuang kahulugan ng Qur'an. Kung kaya tinawag itong Ina ng Qur'an. Naglalaman ito ng maikling buod ng mga doktrina ng Islam. At isang matibay na tipan sa pagitan ng mga tao at ng kanilang Panginoon upang makamit ang kanilang layunin ng pag iral, at hangarin mula sa Allah na magabayan sa matuwid na landas at ipagkaloob ang gabay at kaluguran.

**(1. Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain. 2. Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah], ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha. 3. Ang Mahabagin, ang Maawain. 4. Ang Maalik [Makapangyarihan at Kataas-taasang Hari] sa Araw ng Pagbabayad [ng gantimpala at parusa]. 5. [Tanging] Ikaw lamang po ang aming sinasamba, at [tanging] Ikaw lamang po ang aming**

**hinihingan [ng tulong]. 6. Patnubayan Mo po kami sa matuwid na Landas – 7. Sa landas niyaong mga ginawaran Mo ng Iyong pagpapala, hindi [sa landas] ng mga umani ng [Iyong] poot, at ng mga nangaligaw.)**

- Surah Al Fatihah 1-7

Ang kabanata ay nagsimula sa papuri at pasasalamat sa Allah. Nilikha Niya ang lahat ng mundong ito, mula sa nakikita at hindi natin nakikita, mula sa ating nalalaman at hindi natin alam. Lahat ng iyon ay nilikha niya. At Siya ang namamahala, nangangalaga at nagpapadali nito. Purihin natin Siya at dakilain. Siya ang lumikha sa atin sa mundong ito at nagpasunod sa Kanyang biyaya sa atin, nagtustus sa atin, nangalaga sa atin, pinagpala tayo, pinarangalan tayo, binigyan tayo ng kakayahang mangatwiran at mag isip, kalayaan sa kagustuhan at pagpili, ginabayan tayo sa landas ng katotohanan at patnubay, at binalaan tayo laban sa landas ng kaligawan at kasalanan.

Pagkatapos ay ipinaalala niya sa atin ang kanyang pinakadakilang katangian, na siyang kanyang malawak na awa, siya ang Pinakamaawain, at ang Kanyang walang hanggang awa, Siya ang Mahabagin. Pagkatapos ay inilarawan niya ang kanyang sarili bilang May ari at Hari ng Araw ng Paghuhukom. Ito ay paalala ng kabilang buhay. Ang Araw ng Paghuhukom ay ang Araw ng Paglilitis, kung saan ang mga tao ay hinuhusgahan at ginagantimpalaan dahil sa kanilang mga gawa, kung mabuti ay mabuti, at kung masama ay masama. Siya ang kataas-taasan at dakila ang Hari ng Paghuhukom; Sapagkat walang sinuman dito ang mag aangkin ng pagiging hari. At ang pansamantalang kaharian sa mundo ay magtatapos. At ang mga tao ay darating sa Araw ng Pagkabuhay muli tulad ng pagdating nila sa mundong ito na nakahubad at nakapaa na

walang wala, at walang kahariang mananatili sa araw na yaon maliban sa Allah lamang.

**(Kanino ang paghahari sa Araw na ito? Sa Allah - ang Nag-iisa, ang di- Mapaglalabanan). -** Surah Ghaafir:16

Pagkatapos ay binanggit Niya ang pinakamahalagang isyu sa pagkairal, na ang tungo upang sambahin ang Allah lamang at humingi ng tulong sa Kanya lamang. Hindi natin binabaling ang ating pagsamba maliban sa Kanya, at hindi natin hinihingi ang ating pangangailangan maliban sa Kanya, sapagkat Siya lamang ang ating patutunguhan at walang katambal.

Pagkatapos ay hinihiling natin sa Allah ang pinakadakila, pinakamahalaga at pinakamapanganib na bagay na kailangan natin, na ang sundin ang tuwid na landas ng patnubay na humahantong sa atin patungo rito, upang tayo ay mapabilang sa mga taong Kanyang pinagpala, kinalugdan at pinarangalan. At pangalagaan tayo upang hindi tayo lumihis sa tuwid na landas na sundin natin ang iba, at maging karapat dapat sa atin ang poot ng Allah , o lumihis tayo dito na hindi tayo magabayan, na maliligaw tayo sa pagkalito at maling patnubay, at ginagabayan ng Allah ang sinumang nais Niya tungo sa tuwid na landas.

Ang kabanata na ito ay umiikot sa isang bagay, na siyang paghingi ng patnubay. Ang una ay ang pagpupuri sa Allah  at pasasalamat sa Kanyang pagka Panginoon, pagkatapos ay pagpupuri sa Kanyang mga katangian, at ito ang malawak na awa at ganap na pagkahari, pagkatapos ay magmakaawa sa Kanya na sambahin Siya na nag-iisa, kaya pagkatapos ng papuri at pagdadakila na ito ay nagdarasal tayo at nagmamakaawa para sa patnubay, na isang pagpapala mula sa Allah. Ipinapakita ng kabanata na ito na ang patnubay ay kaloob ng Diyos, at isang malaking

pagpapala mula sa kanyang biyaya. Samakatuwid, hilingin natin sa Kanya na mapabilang sa mga taong pinagpala nito.

Ang patnubay ay hindi nakakamit sa pamamagitan lamang ng katalinuhan. Gaano karaming matatalinong tao ang nagamit ang kanilang katalinuhan sa kriminalidad! Hindi rin nakakamit sa pamamagitan lamang ng kaalaman. Napakaraming maalam ang ginamit ang kanilang mga kaalaman sa katiwalian at pagkawasak!

Gaano karaming mga henyo at matatalinong tao ang nakikita mong mas mataas at malikhain sa maraming bagay sa buhay, ngunit hindi nila nasasagot ang malaki at mapanganib na mga tanong na pag-iral! kaya nakikita mo silang sumasamba sa isang rebulto na ginawa nila, o isang akala na inakala nila.

Sinabi ng Allah: (**Kanilang nababatid lamang ang panlabas [na anyo ng] makamundong buhay, at sila, hinggil sa kabilang buhay, ay hindi nagbibigay-pansin.**) - Surah Ar Rum: 7

Ipinapakita ng kabanata na ito na ang patnubay sa landas ng Allah ay ang pagiging matuwid. Ang sinumang matuwid ay gagabayan tungo sa Allah, sinabi ng Allah: (**Katotohanan, ang aking Panginoon ay [nasa] matuwid na landas.**) - Surah Hud: 56

At ang pagkait sa patnubay ay dahil sa pagtalikod sa pagsabuhay nito pagkatapos na malaman ito. Mayroon silang kaalaman subalit wala silang pagsasabuhay, kaya nakamit nila ang poot.

O pag aatubili na malaman ang tungkol dito at hindi gumawa ng pagsisikap na matukoy ito, mayroong gawa ngunit walang kaalaman o patnubay, kaya karapat dapat na mailarawan sila sa maling patnubay.

Ang surah na ito at ang mga kahulugang napapaloob nito ay kailangang ulit ulitin ng isang Muslim, kaya inuulit niya ito nang hindi bababa sa labing pitong beses sa isang araw.

Inuulit natin ang pagsusumamo para sa ating sarili habang inuulit natin ang paghuhugas ng ating mga bahagi ng katawan, dahil ang mga dahilan para sa pag-uulit na ito ay umiiral, tulad ng katawan ng tao ay hindi sapat upang dalisayin ito sa isa o dalawang hugasan, gayon din ang kaluluwa ng tao ay hindi sapat upang dalisayin ito sa isa o dalawang paanyaya, ngunit kinakailangang ulitin ang pagtayo sa harapan ng Allah at paghingi sa Kanya ng patnubay; sapagkat ang kahangalan ng sarili at tukso ng Satanas ay hindi natatapos.

Kaya sa ilang linya ay ipinapakita ang tanging tamang ugnayan sa pagitan ng mga tao at ng Panginoon ng mga tao, sa pamamagitan ng pagkilala at pagpuri sa Kanya, pagiging handa na harapin Siya, na nangangakong sambahin Siya lamang, at pagkatapos ay ginagawa tayong gaya ng Kanyang minamahal at kinalulugdan.

# Surah Maryam
# (Si Maria)

Ito ang tanging surah sa Qur'an na nasa pangalan ng isang babae, at walang babae ang binanggit sa Qur'an sa kanyang pangalan maliban sa kanya, na si Maria, ang ina ni Jesus, ang kapayapaan nawa'y mapasakanya, at ang ina ni Propeta Muhammad o sinuman sa kanyang mga asawa o anak na babae ay hindi nabanggit sa Qur'an, ngunit si Maria ay binanggit at inulit sa Qur'an (31) beses, at isang kumpletong surah ang inilaan sa Qur'an sa kanyang pangalan at binanggit ang kanyang kuwento, at isang surah sa pangalan ng kanyang ama Imran, kung saan nabanggit ang pagbubuntis at panganganak ng kanyang ina sa kanya. Sinabi ng Allah: (**33. Katotohanan pinili ng Allah [bilang angkan ng mga Propeta] sina Adan, at Noah, at ang pamilya ni Abraham at ang pamilya ni Imran [at sa kani-kanilang panahon, sila ay Kanyang pinarangalan] nang higit sa lahat ng [Kanyang] mga nilikha. 34. Mga inapo - ang ilan sa kanila ay nagmula sa iba. At ang Allah ay Lubos na Nakaririnig, Maalam. 35. [Banggitin mo, O Muhammad] nang ang asawa ni Imran ay nagsabi: "Aking Panginoon, katotohanan aking ipinangako po sa Iyo ang anumang nasa aking sinapupunan, na aking iaalay po [para sa paglilingkod sa Iyo] kaya**

**tanggapin Mo po ito mula sa akin. Katotohanan, Ikaw ang Lubos na Nakaririnig, ang Maalam." 36. Kaya, nang siya ay magsilang sa kanya [sa sanggol na si Maria], siya ay nagsabi: "Aking Panginoon, ako po ay nagsilang ng isang [batang] babae. At ang Allah ang higit na nakaaalam sa anumang kanyang isinilang. At ang lalaki ay hindi katulad ng babae [sa paglilingkod] at siya ay aking pinangalanang Maria at ako po ay humihingi ng kanlungan [sa Iyo] para sa kanya at sa kanyang magiging mga supling laban sa satanas, ang isinumpa." 37. Kaya, siya ay tinanggap ng kanyang Panginoon nang may mabuting pagtanggap. At siya ay pinalaki sa kagandahang-asal at siya ay inilagay sa pangangalaga ni Zakarias. Sa tuwing papasok sa silid-dalanginan si Zakarias [upang siya ay dalawin], dinaratnan niyang mayroong pagkain. Siya [si Zakarias] ay nagsabi: "O, Maria, saan mo kinuha ang mga [pagkaing] ito?" Siya [si Maria] ay nagsabi: "Ito ay nanggaling sa Allah. Katotohanan, ang Allah ay nagbibigay [ng panustos] sa sinumang Kanyang nais nang walang takdang bilang [o sukat].)** - Surah Ali Imran: 33-37

Ito ay dahil sa karangalan ni Maria, kapayapaan nawa'y mapasakanya, at ang kanyang kaibigan, at ang kanyang dakilang pagsamba sa Diyos at ang kanyang katiyakan sa Kanya, at nabanggit sa atin ng Allah na ang mga anghel ay kinakausap siya. Sinabi ng Allah: **(At [banggitin] nang sabihin ng mga anghel: "O Maria, katotohanan, ikaw ay pinili ng Allah, ikaw ay ginawang dalisay at ikaw ay pinili nang higit sa mga kababaihan sa lahat ng mga nilikha [sa sangkatauhan].)** - Surah Ali Imran: 42

Siya ang dalisay na birhen na pinili ng Allah upang maging layunin ng Kanyang himala sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang sugo na nilikha sa utos ng Diyos na walang ama.

Dahil sa laki ng isyu hinggil kay Maria, na siya at ang kanyang anak ay mga tao na nag-aanyaya sa iba na sambahin lamang ang Allah, at hindi nag-aangkin ng pagkapanginoon at hindi nanawagan para sa pagsamba sa kanilang sarili. Sinabi ng Allah: (**Ang Mesiyas [si Hesus] anak ni Maria ay hindi humigit sa isang Sugo. Marami ng mga sugo ang lumipas [naunang ipinadala] bago pa man siya. Ang kanyang ina [si Maria] ay isang makatotohanan. Sila [Hesus at Maria] ay kapwa kumakain ng pagkain. Pagmasdan mo kung paano nga Namin ginagawang malinaw ang mga ayaat [aral, palatandaan] sa kanila; subali't pagmasdan mo kung paano sila nalinlang [mula sa katotohanan].**) **-** Surah Al Maidah: 75

Pagkatapos ay binanggit ng surah ang ilang mga eksena ng muling pagkabuhay at ang gantimpala ng mga hindi mananampalataya at mga mananampalataya sa kabilang buhay, at ang pakikipagtakalayan sa mga nagtakwil sa paniniwala sa pagbabangong muli at ang sagot sa kanila.

Pagkatapos ay ang pamumuna sa mga kalagayan ng pagkapagano at pagturing ng mga haka-hakang diyos at pagsamba sa kanila bukod sa Allah. Isa na rito ay ang pagbibintang na ang Allah ay nagkaroon ng anak; sapagkat ang Allah na labis sa kadakilaan ng Kanyang karangalan ay hindi kailanman magkakaroon ng anak, dahil Siya ay walang pangangailangan sa asawa at anak. Sinabi ng Allah: (**Siya ang Tagapagsimula ng mga kalangitan at ng kalupaan. Paano Siya nagkaroon ng isang anak na lalaki gayong Siya ay walang asawa? At Kanyang nilikha ang lahat ng bagay at Siya ang Maalam sa lahat ng bagay.**) - Surah Al An'am:101

Ang nangingibabaw na kahulugan sa surah na ito ay ang kahulugan ng banal na awa. Nagsisimula ito sa pagbanggit ng awa ng Allah sa kanyang lingkod na si Zakaria. Tulad ng pag uulit ng katangian ng awa sa Surat Al Fatihah, ito ay inulit sa Surat Maryam, gayon din ang pangalan ng Pinakamaawain

ay inulit nang labing anim na beses, kahit na sa sitwasyon ng pagbabanta, ang pangalan ng awa ay binanggit. Sinabi ng Allah: (**Katotohanan, aking pinangangambahan na may parusang sasaling sa iyo mula sa Mahabagin [Allah].**) - Surah Maryam: 45

Ito ay upang ipakita ang dakilang awa ng Allah na sunod sunod sa mga tao na bumuhos sa kanila.

Sinabi ng Allah: **1. Kaf, Ha, Ya, Ain, Sad.**

**2. [Ito ay] isang paalala ng habag ng iyong Panginoon sa Kanyang aliping si Zakarias.**

**3. Nang siya ay manalangin sa kanyang Panginoon [Allah] ng isang sarilinang panalangin.**

**4. Siya ay nagsabi: "Aking Panginoon, katotohanan, ang aking mga buto ay mahihina na, at ang aking ulo ay napuno na ng puting [buhok], at ako ay hindi kailanman nabigo sa aking pagdalangin sa Iyo, aking Panginoon.**

**5. At katotohanan, aking pinangangambahan ang aking mga kahalili pagkaraan ko, at ang aking asawa ay naging baog. Kaya, igawad Mo po sa akin mula sa Iyong Sarili ang isang tagapagmana,**

**6. 'Na magmamana sa akin, at magmamana [rin] mula sa angkan ni Hakob. At gawin Mo po siyang isang kalugud-lugod [para sa Iyo], aking Panginoon."**

**7. [Sinabi sa kanya]: "O Zakarias, katotohanan Kami ay nagbibigay sa iyo ng isang magandang balita [ng pagkakaroon mo] ng isang anak na lalaki, na ang kanyang [magiging] pangalan ay Juan [Yahya]. Hindi Namin ipinagkaloob sa kaninumang nauna ang pangalang [ito]."**

**8. Siya ay nagsabi: "Aking Panginoon, paano ako magkakaroon ng isang anak na lalaki, samantalang ang**

**aking asawa ay naging baog, at katotohanang ako ay umabot na sa sukdulang katandaang gulang."**

**9. [Isang anghel ay] nagsabi: "Kahit na [ito ay mangyayari]; ang iyong Panginoon ay nagsabi: 'Ito ay madali para sa Akin. At katunayan, ikaw ay Aking nilikha noong una, nang ikaw ay walang anupamang bagay!"**

**10. Siya [si Zakarias] ay nagsabi: "Aking Panginoon, Ikaw ay gumawapara sa akin ng isang palatandaan." Kanyang sinabi, 'Ang iyong palatandaan, [ay] ikaw ay hindi makikipag-usap sa mga tao sa [loob ng] tatlong gabi, [bagaman] maayos [ang iyong pananalita]."**

**11. Kaya, siya ay lumabas mula sa kanyang silid-dalanginan patungo sa kanyang mga mamamayan at kanyang sinabi sa kanila [sa pamamagitan ng mga senyas] na sila ay magbigay papuri [sa Allah] sa umaga at sa hapon.**

**12. [Ang Allah ay nagsabi]: "O Juan [Yahya], kunin mo [at panghawakan] ang Kasulatan nang buong katatagan." At Aming ipinagkaloob sa kanya ang karunungan [habang siya ay] bata pa,**

**13. At [ipinagkaloob din] ang [diwa ng] pagmamalasakit mula sa Amin, at kalinisan [mula sa kasalanan] at kanyang kinatatakutan [ang Allah],**

**14. At [siya ay] masunurin sa kanyang mga magulang, at siya ay hindi naging mapaniil [o malupit], hindi palasuway.**

**15. At kapayapaan sa kanya sa araw na siya ay ipinanganak at sa araw na siya ay mamamatay at sa araw na siya ay [muling] mabubuhay!**

**16. At banggitin mo [O Muhammad] sa Aklat, [ang kasaysayan ni] Maria , nang siya ay lumisan mula sa**

**kanyang pamilya sa isang pook sa dakong bahagi ng silangan.**

**17. Pagkaraan, siya ay naglagay ng isang tabing mula sa kanila [upang siya ay mapag-isa]. Kaya, Kami ay nagpadala sa kanya ng Aming Ruh [Banal na Espiritu, ang Anghel Gabriel], at ito ay nagpakita sa kanya sa [anyo ng] isang ganap na lalaki.**

**18. Siya [si Maria] ay nagsabi: 'Katotohanan, ako ay humihingi ng paglingap sa Mahabagin laban sa iyo [o ako ay iyong layuan], kung tunay ngang ikaw ay may takot [sa Kanya].**

**19. Siya [si Anghel Gabriel] ay nagsabi: 'Ako ay isang sugo ng iyong Panginoon [na napag-utusan upang] igawad sa iyo ang [magandang balita ng] isang pinagkakapuring anak na lalaki.**

**20. Siya [si Maria] ay nagsabi: 'Paano ako magkakaroon ng isang anak na lalaki, gayong wala namang lalaki ang sumaling sa akin, at ako ay hindi marumi [o walang dangal]?"**

**21. Siya [si Anghel Gabriel] ay nagsabi: 'Ganyan nga [ito ay mangyayari], ang iyong Panginoon ay nagsabi: 'Ito ay sadyang madali para sa Akin; at siya ay Aming gagawin bilang palatandaan para sa sangkatauhan at isang habag mula sa Amin. At ito ay isang pangyayaring naitakda [na].'**

**22. Kaya siya ay nagdalang-tao sa kanya [kay Hesus] at siya ay humayong nagtungo sa isang malayong pook.**

**: 23. "At ang sakit [na dala] ng kanyang panganganak ay naghatid sa kanya sa isang puno ng datiles. Siya ay nagsabi [habang nanganganak]: 'Sana ako ay namatay na**

**bago pa man [dumating ang pangyayaring] ito at ako ay nabaon na sa limot."**

**24. Kaya, siya [si Maria] ay tinawag niya mula sa ibaba ng kanyang [paanan], [at nagsabing]: "Huwag kang malungkot! Sa katunayan, ang iyong Panginoon ay gumawa ng isang umaagos na bukal [ng tubig] sa [bahaging] ibaba [ng iyong paanan];**

**25. "At yugyugin mo ang puno ng datiles na nasa iyong harapan, ihuhulog nito sa iyo ang hinog na sariwang bungang-datiles."**

**26. "Kaya, ikaw ay kumain at uminom at masiyahan, at kung ikaw ay makakita ng sinumang tao, [ito ang iyong] sabihin: "Katotohanan, ako ay nagpanata ng isang pag-aayuno [bilang pagsunod] sa Mahabagin [Allah] kaya ako ay hindi makikipag-usap sa sinumang tao sa araw na ito."**

**27. Kaya, kanyang dala-dalang iniuwi ito [ang sanggol na si Hesus] sa kanyang mga mamamayan. Sila [mga tao] ay nagsabi: "O Maria! Tunay nga na ikaw ay nagdala ng isang bagay na nakapanghihilakbot.**

**28. "O kapatid na babae ni Aaron. Ang iyong ama ay hindi masamang tao at ang iyong ina ay hindi isang marumi [o walang dangal].'**

**29. Nguni't, [sa halip na magpaliwanag ay] kanyang itinuro siya [ang sanggol]. Sila ay nagsabi [kay Maria]: "Paano kami makikipag-usap sa isang batang musmos na nasa duyan?"**

**30. Siya [ang sanggol na si Hesus] ay nagsabi: Katotohanan, ako ay alipin ng Allah, Kanyang ipinagkaloob sa akin ang [banal na] Kasulatan at ako ay Kanyang ginawang isang Propeta;'**

**31. At ako ay Kanyang pinagpala saan man ako naroroon, at itinagubilin sa akin ang pagdarasal, at kawanggawa, habang ako ay nabubuhay."**

**32. 'At [ako ay ginawang] masunurin sa aking ina at ako ay hindi Niya ginawang malupit, hindi lapastangan.**

**33. "At ang kapayapaan ay mapasaakin sa araw na ako ay ipinanganak. At sa araw na ako ay mamamatay at sa araw na ako ay muling bubuhayin."**

**34. Iyan si Issa [Hesus], anak na lalaki ni Maria. [Ito ay] isang salita ng katotohanan na kanilang pinag-aalinlanganan.**

**35. Hindi [naangkop] sa [Kadakilaan ng] Allah na Siya ay magkaroon ng anak na lalaki. Luwalhati sa Kanya. Kapag Kanyang itakda ang isang pangyayari, Siya ay magsasabi lamang dito na: "Maging," kaya mangyayari nga.**

**36. [Si Hesus ay nagsabi]: "At katotohanan, ang Allah ay aking Panginoon at inyong Panginoon. Kaya Siya ay inyong sambahin [tanging Siya lamang]. Ito ang matuwid na landas."**

**37. Nguni't, nagkaiba-iba ang mga magkakaanib [na sekta hinggil kay Hesus] mula sa kanilang pagitan. Kaya, kasawian sa mga di-naniwala mula sa tagpo ng isang mahalagang Araw.**

**38. Kanilang [malinaw na] maririnig at matutunghayan ang Araw na sila ay darating sa Aming [harapan]. Subali't ang mga mapaggawa ng kamalian sa Araw na ito ay nasa hayag na pagkaligaw.**

**39. At magbabala sa kanila [O Muhammad] ng Araw ng Panlulumo, kapag ang pangyayari [o katayuan ng bawa't**

**isa] ay hahatulan na, [nguni't sa kabila nito] sila ay nasa kapabayaan, at sila ay hindi naniniwala.**

**40. Katotohanan, Kami ang magmamana sa mga kalupaan at sa sinumang naroroon. At sa Amin, sila ay ibabalik.**

**41. At banggitin sa Aklat [ang kasaysayan ni] Abraham, katotohanan siya ay makatotohanan [at] isang Propeta.**

**42. [Banggitin mo] nang kanyang sabihin sa kanyang ama: "O aking ama! Bakit mo sinasamba ang anumang [rebultong nililok lamang ng iyong mga kamay na] hindi nakaririnig, ni nakakikita at hindi makatutulong sa iyo sa anupaman?**

**43. "O aking ama, katotohanan, may dumating na kaalaman sa akin na hindi dumating sa iyo. Kaya ako ay iyong sundin, ako ay papatnubay sa iyo sa patag [o maayos] na landas.**

**44. "O aking ama, huwag mong sambahin [at sundin] ang satanas. Katotohanan ang satanas ay lagi nang palasuway sa Mahabagin, [ang Allah].**

**45. "O aking ama, katotohanan, aking pinangangambahan na may parusang sasaling sa iyo mula sa Mahabagin [Allah] sa gayon ikaw ay magiging kasamahan ng satanas [sa Impiyerno]."**

**46. Siya [ang ama] ay nagsabi: "Ikaw ba ay walang pagkilala sa aking mga diyos, O Abraham? Kapag ikaw ay hindi nagtigil [sa panunuligsa sa akin], katiyakan na ikaw ay aking pagbababatuhin. Kaya ako ay iyong lisanin nang mahabang panahon."**

**47. Siya [si Abraham] ay nagsabi: "Kapayapaan ay sumaiyo! Ako ay hihingi ng kapatawaran sa aking**

**Panginoon para sa iyo. Katotohanan, Siya ay Lagi nang Nalulugod sa akin.**

**48. "At ako ay lilisan sa inyo at sa anumang inyong dinadalanginan [sinasamba] bukod sa Allah. At ako ay mananalangin sa aking Panginoon; ako ay umaasa na ako ay hindi mabibigo sa aking pagdalangin sa aking Panginoon."**

**49. Kaya nang sila ay kanyang lisanin at ang anumang kanilang sinasamba bukod sa Allah, Kami ay naggawad sa kanya [kay Abraham ng mga anak na] sina Isaak at Hakob, at bawa't isa sa kanila ay Aming ginawang isang Propeta.**

**50. At Kami ay naggawad para sa kanila ng Aming habag, at Aming ginawa para sa kanilang mga dila ang magandang [antas ng] papuri [o dangal].**

**51. At banggitin sa Aklat, si Moises. Katotohanan, siya ay isang pinili at siya ay isang Sugo [at] isang Propeta.**

**52. At Kami ay nanawagan sa kanya mula sa gilid ng [bundok ng] Tur, sa kanyang [dakong] kanan. At [siya ay] dinalang malapit sa Amin [para sa] isang pakikipag-usap [sa kanya].**

**53. At Aming iginawad sa kanya mula sa Aming habag ang kanyang kapatid na si Aaron, [bilang] isang Propeta.**

**54. At banggitin sa Aklat, si Ismael. Katotohanan siya ay tapat sa kanyang pangako, at siya ay isang Sugo [at] isang Propeta.**

**55. At kanyang palagiang ipinag-uutos sa kanyang pamilya ang pagdarasal at kawanggawa, at siya ay kalugud-lugod sa kanyang Panginoon.**

**56. At banggitin sa Aklat, si Idris [Enok]. Katotohanan, siya ay isang makatotohanan, [at] isang Propeta.**

**57. At siya ay Aming itinaas sa isang mataas na kalagayan.**

**58. Sila yaong mga pinagpala ng Allah mula sa mga propetang nagmula sa supling ni Adan, at mula sa [supling ng] sinumang Aming isinakay kasama ni Noah. At mula sa supling nina Abraham at Israel [Hakob] at mula sa Aming mga pinatnubayan at sa Aming pinili. Kapag binibigkas sa kanila ang mga ayaat [o kapahayagan] ng Mahabagin, sila ay napapasubsob sa pagpapatirapa nang lumuluha.)**

- Surah Maryam: 1-58

Ang surah ay nagsalita sa simula tungkol sa pagsilang ni Yahya, na isang himala na nauna sa kapanganakan ni Jesus, na tila ito ay isang paghahanda para dito. Ang pagsilang ni Yahya ay isang himala sa sarili nito. Ang ama ay matanda, at ang ina ay matanda at baog. Kaya sino ang nagpabuhay sa matanda, nagpa-anak sa baog at nagkaloob ng anak?!

Pagkatapos ay nagsalita ito tungkol sa pagsilang ni Hesus na anak ni Maria, at inihayag ang banal na himala sa pagsilang ng marangal na propetang ito, at ang Allah ay walang bagay na hindi Niya kayang gawin. Ginawa Niya ang birhen na magkaroon ng anak na walang humipo na kahit sino sa kanya.

At ang lumikha ng mga sanhi ay hindi pinamamahalaan ng mga sanhi.

Nilikha ng Diyos si Jesus na walang ama, tulad ng paglikha Niya kay Adan noon na walang ama. Tulad ng sinabi ng Allah: (**Katotohanan, ang kahalintulad ni Hesus sa [pagkalikha sa kanya ng] Allah ay tulad ni Adan. Siya ay Kanyang**

**nilikha mula sa alabok pagkaraan [ang Allah] ay nagsabi sa kanya: "Maging, kaya nangyari nga.)** - Surah Ali-Imran: 59

Ang pagbungad ng surah na ito ay sa pamamagitan ng pagbanggit sa kuwento ng Propeta ng Allah na si Zachariah at ng kanyang anak na si Yahya at pagkatapos ay ang kuwento ni Maria at ng kanyang anak na si Hesus. Pagkatapos ay binanggit niya ang panawagan ng Propeta ng Allah na si Abraham sa kanyang ama na sambahin ang Allah lamang, at binalaan siya laban sa pagsamba sa diyus diyusan na hindi makakabigay sa kanya ng pakinabangan. At ang kaniyang kabaitan at mabuting asal sa pagtawag sa kaniyang ama, kung saan siya ay tumatawag sa kaniya nang may pagmamahal at awa: Oh aking ama, Oh aking ama. At nang babalaan niya ito tungkol sa parusa ng Diyos, binanggit niya ito kasama ang pangalan ng Maawain, **(Katotohanan, aking pinangangambahan na may parusang sasaling sa iyo mula sa Mahabagin [Allah].)** - Surah Maryam: 45 Ibig sabihin, ang Allah ay maawain, at mahabagin, kaya bakit siya tatalikod sa Kanyang awa at sumailalim sa Kanyang pagdurusa?!

Nang igiit ng kanyang ama ang paganismo, magalang siyang lumayo sa kanya. Sinabi ng Allah: **(Kapayapaan ay sumaiyo! Ako ay hihingi ng kapatawaran sa aking Panginoon para sa iyo.)** - Surah Maryam: 47

Kaya ang naging unang panawagan ni Abraham ay sa kanyang ama at sa pinakamalapit na mga tao sa kanya.

Pagkatapos ay binanggit ng Diyos ang mga kabutihan ng mga kagalang galang na propeta Ismael, Isaac, Jacob, Moises, Aaron, Idris, Adam at Noah, upang kumpirmahin na ang panawagan ni Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allaah) ay ang panawagan ng mga propeta na nauna sa kanya, at ang mensahe ni Muhammad ay hindi isang bago na panawagan para sa sangkatauhan, ngunit ito ang huling

yugto ng mga panawagan ng mga kagalang galang na sugo bago siya, tulad ng sinabi ng Allah: (**Sabihin: "Ako ay hindi naiiba sa mga sugo [ng Allah] at hindi ko nalalaman kung ano ang gagawin sa akin at sa inyo. Ako ay sumusunod lamang sa anumang ipinahahayag sa akin at ako ay isa lamang malinaw na tagapagbabala.**) - Surah Al-Ahqaf: 9.

Pagkatapos ay sinabi ng Allah: (**59. Subali't may dumating pagkaraan nila ng mga kasunod [na henerasyon] na nagpabaya sa pagdarasal at kanilang sinunod ang mga masisidhing hangarin. Kaya, kanilang makahaharap ang kasamaan [o isang lambak sa Impiyerno].**

**60. Maliban sa sinumang nagsisi at naniwala at gumawa ng mga gawaing matwid, sila yaong mga makapapasok sa Paraiso at sila ay hindi gagawan ng kamalian kahit anupaman.**

**61. [Naroon ang] mga paraisong Eden na ipinangako ng Mahahabagin sa Kanyang mga alipin sa Ghaib [di-nakikitang bahagi]: Katotohanan ang Kanyang pangako ay laging dumarating.**

**62. Sila ay hindi makaririnig doon ng salita maliban sa [pagbati ng] kapayapaan. At para sa kanila roon ay [mabubuting] panustos, sa umaga at sa hapon.**

**63. Ito ang Paraiso na Aming ipamamana sa Aming mga [mabubuting] alipin na lagi nang natatakot [sa Amin].**

**64. At kami [mga anghel] ay hindi bumababa maliban sa kautusan ng iyong Panginoon. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng anumang nasa aming harapan at ng anumang nasa aming likuran at ng anumang nasa pagitan niyan; at kailanman ang iyong Panginoon ay hindi nakalilimot.**

**65. [Siya] ang Panginoon ng mga kalangitan at ng kalupaan at ng anumang nasa pagitan nilang dalawa. Kaya sambahin Siya at maging matiisin sa pagsamba sa Kanya. Mayroon ka bang nalalaman na Kanyang nakakatulad?** - Surah Maryam: 59-65

Nang banggitin ng Allah ang mabuti at dalisay na kalagayan ng mga propeta, binanggit Niya ang ilan sa mga dumating pagkatapos nila at gumawa ng kamalian at tumangging sumamba sa Allah at sinunod ang kanilang mga sariling hangarin at binanggit ang kanilang kaparusahan, at kung ano ang inihanda sa Paraiso para sa mga nagsisi at nagbalik-loob sa kanilang mga kasalanan at gumawa ng mabuti sa kanilang mga gawa.

Pagkatapos sinabi ng Allah: **66. At ang isang tao [na di-naniniwala] ay magsasabi: "Kapag ako ay namatay, ako ba, kung gayon ay ilalabas nang buhay [sa libingan]?"**

**67. Hindi nga kaya naaalala ng tao na siya ay Aming nilikha noon, nang siya [sa panahong iyon] ay walang anupamang bagay?**

**68. Kaya, [Ako bilang] iyong Panginoon ay sumusumpa na sila ay Aming titipunin at ang mga demonyo. Pagkaraan, sila ay Aming dadalhin [nang sapilitan] sa paligid ng Impiyerno nang nakaluhod.**

**69. Pagkaraan, katiyakang Aming kakaladkarin mula sa lahat ng sekta ang mga pinakamasasama sa paghihimagsik laban sa Mahabagin [Allah].**

**70. Pagkaraan, katiyakang Aming nababatid yaong mga higit na karapat- dapat sunugin doon [sa Apoy ng Impiyerno].**

**71. At walang isa man sa inyo maliban na siya ay magdaraan sa ibabaw nito [ng Impiyerno]: ito ay nasa iyong Panginoon; isang itinakdang [pangyayari na] nararapat maganap.**

**72. Pagkaraan, Aming ililigtas [mula sa pagtawid ng Sirat] yaong mga natatakot [sa Amin]. At Aming hahayaan ang mga mapaggawa ng kamalian doon na naglulumuhod.**

**73. At kapag ang Aming ayaat [o kapahayagan] ay binibigkas sa kanila bilang malinaw na katibayan, yaong mga di-naniniwala ay nagsasabi sa mga naniniwala: "Alin sa dalawang pangkat [naniniwala at di-naniniwala] ang nakahihigit sa katayuan at nakahihigit sa lipon [ng samahan]?"**

**74. At ilang bilang na bang henerasyon ang Aming winasak na nauna sa kanila, sila ay nakahihigit sa yaman at kagamitan at sa bikas [panlabas na anyo]?**

**75. Sabihin: Sinuman ang nasa kamalian ay patatagalin ng Mahabagin [Allah] para sa kanya ang isang matagal [na palugit na panahon] hanggang kapag kanilang makita ang anumang ipinangako sa kanila - maging ito man ay parusa [sa mundo] o ang Oras [ng Paghuhukom], at [sa gayon ay] kanilang mapag-aalaman kung sino ang pinakamasama sa katayuan at ang higit na mahina sa mga kawal.**

**76. At yaong mga napatnubayan ay dinaragdagan ng Allah sa patnubay at ang mga mabubuting gawaing nagtatagal ay nakahihigit sa iyong Panginoon sa [paggawad ng] gantimpala at higit na [mainam na] pagtuunan.**

**77. Kaya, nakita mo ba siya na di-naniwala sa Aming mga ayaat [o kapahayagan] at nagsabing: "Katiyakan na ako ay pagkakalooban ng yaman at ng mga anak [sa kabilang buhay]"**

**78. Nababatid ba niya ang [lihim ng] Ghaib [o ang bahaging di-nakikita] o siya ba ay nakakuha ng pangako [o kasunduan] sa [Diyos na] Mahahabagin?**

**79. Gayunpaman, Aming itatala ang anumang kanyang sinasabi, at Aming palalawigin para sa kanya ang parusa nang higit pang malawig;**

**80. At Aming mamanahin [kukuhaning muli] sa kanya ang anumang kanyang mga sinasabi [yaman at mga anak sa mundo]. At siya ay darating sa Amin [sa Huling Araw] nang nag-iisa.**

**81. At sila ay nagturing bukod sa Allah ng mga [huwad na] diyos upang sila [mga diyus-diyusan] ay maging karangalan para sa kanila.**

**82. Subali't, sila [mga diyus-diyusan] ay magtatakwil sa kanilang [ginawang] pagsamba [sa kanila], at sila ay kanilang magiging katunggali [o kalaban sa Araw ng Paghuhukom].**

**83. Hindi mo ba nakita na Aming ipinadala ang mga demonyo sa mga di- naniniwala upang sila ay udyukin sa [kasamaan at palagiang] pag-udyok.**

**84. Kaya huwag kang magmadali sa kanila; Kami ay nagbibilang lamang para sa kanila ng isang [takdang] bilang [ng araw ng kanilang buhay].**

**85. Sa Araw na Aming titipunin ang mga natatakot patungo sa Mahahabagin [Allah], bilang isang [pinarangalang] kinatawan.**

**86. At Aming itataboy ang mga mapaggawa ng kabuktutan sa Impiyerno, nang uhaw na uhaw [tulad ng uhaw na hayop sa tubigan].**

**87. Walang sinuman ang may kapangyarihang mamagitan [para pakiusapan Siya], maliban sa isang nakakuha ng isang kasunduan sa Mahabagin [Allah].** - Surah Maryam: 77-87

Dito, binanggit ng Allah ang ilan sa mga kasabihan ng mga hindi naniniwala na nagtatatwa sa muling pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan, ang ilan sa kanila ay pinapaniwalaan na malayong mangyari na pagkatapos ng kanyang kamatayan ay babalik siyang buhay, kaya ipinaaalala sa kanya ng Allah na ang sinumang lumikha sa kanya sa unang pagkakataon ay may kakayahang ibalik ang buhay sa kanya pagkatapos ng kanyang kamatayan.

May mga nagsasabi bilang pagtatwa at pagtanggi na kung ako ay mabubuhay muli sa Araw ng Pagkabuhay, ako ay mabubuhay muli kasama ang aking mga anak at ang aking kayamanan.

Hindi niya alam na darating siya sa Araw ng Pagkabuhay na mag-isa tulad ng kanyang pagparito sa mundong ito na mag-isa, at siya ay darating na nakapaa at hubad sa Araw ng Pagkabuhay tulad kung paano siya dumating na nakapaa at hubad sa mundong ito.

Pagkatapos ay binanggit Niya ang hantungan ng mga tumangging maniwala at ang mga tagpo ng kanilang kapalaran sa Kabilang Buhay, at kung ano ang inihanda para sa mga ito, at kung ano ang inihanda para sa mga matutuwid, na kung saan ang walang hanggang gantimapala sa kabilang buhay maging ito man ay habang buhay na kaligayahan o napakasakit na kaparusahan.

Pagkatapos ay sinabi ng Allah: **88. At kanilang sinabi: "Ang Mahabagin [Allah] ay nagkaroon ng isang anak [na lalaki].**

**89. Katiyakan, kayo ay nakagawa [nakapagsabi] ng isang bagay na kakila- kilabot.**

**90. Ang mga kalangitan ay halos magkalansag-lansag mula rito [sa salitang ito], ang lupa ay magkabiyak-biyak at ang mga bundok ay gumuho sa matinding pagkawasak.**

**91. [Sapagka't] kanilang iniakibat sa Mahabagin [Allah] ang isang anak [na lalaki].**

**92. At hindi [naaangkop] para sa [Kadakilaan ng] Mahabagin [Allah] na Siya ay magkaroon ng isang anak [na lalaki].**

**93. Walang sinumang nasa mga kalangitan at kalupaan maliban na siya ay darating sa [harap ng] Mahabagin [Allah] bilang isang alipin.**

**94. Katiyakan, Kanyang inisa-isa ang mga ito at binilang ang mga ito nang [lubusang] pagbilang.**

**95. At bawa't isa sa kanila ay darating sa Kanya sa Araw ng Pagkabuhay na Muli nang nag-iisa.**

**96. Katotohanan, yaong mga naniwala at gumawa ng mga gawaing matwid, ang Mahabagin ay maggagawad para sa kanila ng pagmamahal.**

**97. Kaya, Aming ginawang madali ito [ang Qur'an] para sa iyong dila [sa wikang Arabe], upang maibigay mo [O Muhammad] sa pamamagitan nito ang magandang balita para sa mga natatakot [sa Allah], at mabigyan mo ng babala sa pamamagitan nito ang isang mamamayang mapupusok.**

**98. At ilan na bang henerasyong nauna sa kanila ang Aming winasak? Mayroon ka pa bang isang matatagpuang kabilang sa kanila, o ikaw ba ay nakaririnig pa sa kanila ng isang ingay?** - Surah Maryam: 88-98

Pagkatapos ang surah ay nagtatapos sa parehong simula nito sa malakas na pagtanggi sa pag-aangkin na ang Allah ay nagkaroon ng anak.

At na ito ay isang kakulangan na ang Allah ay napakataas para magtaglay nito. At ang buong sansinukob ay tumuligsa nito.

At pakinggan ang mga talatang sumasabog na parang kulog, at nagpapatatwa nang may pinakamalakas na pagtanggi:

**88. At kanilang sinabi: "Ang Mahabagin [Allah] ay nagkaroon ng isang anak [na lalaki].**

**89. Katiyakan, kayo ay nakagawa [nakapagsabi] ng isang bagay na kakila- kilabot.**

**90. Ang mga kalangitan ay halos magkalansag-lansag mula rito [sa salitang ito], ang lupa ay magkabiyak-biyak at ang mga bundok ay gumuho sa matinding pagkawasak.**

**91. [Sapagka't] kanilang iniakibat sa Mahabagin [Allah] ang isang anak [na lalaki].**

- Surah Maryam 88-91

Ang pahayag na ito ay lubhang kahihiyan, hindi tama ang iugnay sa Allah na Makapangyarihan sa lahat. Lahat ng bagay sa kalangitan at lupa at lahat ng bagay sa mga sansinukob at mundo ay mga nilikha lamang ng Allah, na ginagamit sa Kanyang pahintulot, pinamamahalaan sa Kanyang pamamahala, at walang katuwang sa Kanya sa sansinukob na ito, at wala Siyang anak, ang Labis na Makapangyarihang, tulad ng sinabi ng Allah: (**Paano Siya nagkaroon ng isang anak na lalaki gayong Siya ay walang asawa? At Kanyang nilikha ang lahat ng bagay at Siya ang Maalam sa lahat ng bagay.** - Surah Al-An'am: 101

Sinabi pa ng Allah: (**Ang Allah ay walang itinuring [bilang Kanyang] anak, at kailanman ay walang ibang diyos na**

**naging kasama Niya. [Kung nagkaroon man ng ibang mga diyos maliban sa Kanya], katiyakang bawa't diyos ay maaaring kuhanin ang anumang kanyang nilikha at ang iba sa kanila ay maaaring magtangkang pangibabawan [talunin o daigin] ang iba. [Nguni't] luwalhati sa Allah, Siya ay Mataas sa anumang kanilang iniaakibat [sa Kanya].**) - Surah Al Muminon: 91)

Mapapansin natin ang paulit ulit na pagbanggit sa pangalan ng Allah "Al Rahman" "Ang Maawain" sa surah na ito nang labing anim na beses.

Ang surah ay nagsimula sa pagbanggit ng awa ng Allah sa kanyang lingkod na si Zakaria, at nagtapos sa pamamagitan ng pagbanggit ng kanyang awa at pagiging mapagmahal sa mga mananampalataya. Ito ay isang paalala sa mga tao ng awa ng Allah na labis na nagpapadaig sa kanila at kasama sa kanilang buhay, at kung hindi dahil sa awa ng Allah, hindi sana naitatag ang kanilang buhay at hindi magiging maganda ang kanilang buhay, at mararamdaman ng tao ang awa ng Allah na pumalibot sa kanya habang binabalik-balik niya ang kanyang hininga, sa pagsubo ng kanyang pagkain, sa kanyang paglunok ng tubig, sa kalusugan ng kanyang katawan, pagiging malusog ng kanyang utak at sa bawat biyaya na kanyang natatamo. Sinabi ng Allah: (**At anumang pagpapala na mayroon kayo - ito ay nagmula sa Allah**) - Surah An-Nahal: 53.

Sa surah na ito, kailangan nating ulitin ang pangalan ng Allah, ang Pinakamaawain. Upang damhin natin ang Kanyang awa na nananaig sa atin sa mundong ito, at mahanap ang Kanyang dakilang awa kapag tayo ay bumalik sa Kanya, na kung saan ang Paraiso ay isang lugar ng kanyang awa.

# Surah Qaaf

Ang kabanata na ito ay isang talumpati tungkol sa buhay pagkatapos ng buhay at tungkol sa kamatayan at pagkatapos nito at tungkol sa ating paglalakbay mula sa mundo ng buhay patungo sa ipinangakong mundo ng kabilang buhay.

Ang kabanata ay nagsimula sa pagsasaad ng pagkamangha ng mga nagtatatwa sa muling pagkabuhay at ang kanilang pagtanggi nito.

Pagkatapos ay inilatag ang mga patunay na katibayan ng muling pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan, at ipinaalala sa kanila ang naging hantungan ng mga nagpasinungaling nito bago pa sila.

Pagkatapos ay lumipat ito sa isa pang eksena, na siyang paglikha ng tao at ang buong kaalaman at pagbabantay sa kanyang mga kilos, salita at kaisipan. Pagkatapos ay inilarawan nito ang sandali ng paglisan, at ang pamimigla ng kamatayan na kadalasang hindi na napapansin ng tao. At ang kasunod ng mga tagpo ng paglilitis at pagganti sa kabilang-buhay. Pagkatapos ay bumalik ang surah sa pagpapaalala ng hantungan ng mga nagpasinungaling na nasawi sa mga nakaraang siglo. Tulad kung paano nagsimula ang kabanata na ito sa pagbanggit ng pagkabuhay muli at pagpapatatag nito ay

nagtapos ito sa pagpapaalala sa paghahanda para sa kabilang buhay sa araw ng paglabas sa libingan at pagpunta sa lugar ng pagtitipon, paglilitis at pagganti.

Ito ay kabanata ng kabilang buhay mula sa simula nito hanggang sa katapusan nito.

Nagsisimula sa pagbanggit ng kabilang buhay at nag-uulit nito. Nagbibigay ng detalye at nagpapaalala. Ito ay isang kakila-kilabot na surah na may matinding epekto, na kumukuha sa kaluluwa sa bawat gilid nito, at nag-uudyok sa loob nito ng panginginig ng takot at ang nakakatakot na kalagayan at ang panginginig ng paggising mula sa kamangmangan ng kakila-kilabot na bagay, na kung saan doon ang ating tiyak na patutunguhan at doon tayo mabubuhay ng tiyak at katotohanan.

Sinabi ng Allah: **1. Qaaf. [Isinusumpa Ko] sa marangal na Qur'an…**

**2. Subali't, sila [mga Tribu ng Quraish] ay namangha nang may dumating sa kanila na isang tagapagbabala mula sa kanilang [lahi]. Kaya, ang mga di- naniniwala ay nagsabing: "Ito ay isang kamangha-manghang bagay!"**

**3. "Kapag kami ay nangamatay na at maging alabok [kami ba ay muling bubuhayin?] Iyan ay [isang] pagbabalik na malayong [maganap]."**

**4. Katiyakan, Aming nababatid kung ano ang ibinabawas [o ginagawa] ng lupa [sa kanilang mga patay na katawan], at nasa Amin ang isang talaan na nag-iingat.**

**5. Subali't, kanilang itinakwil ang katotohanan nang ito ay dumating sa kanila, kaya sila ay nasa nakalilitong katayuan.**

**6. Hindi ba nila sinusulyapan ang kalangitang nasa kanilang itaas, kung paano Namin ito itinayo at pinalamutian ito, at [paanong] ito ay walang [makikitang] siwang [o awang]?**

**7. At ang kalupaan – ito ay Aming inilatag [nang malawak] at nagtirik doon ng mga bundok na matatag, at doon ay nagpatubo ng bawa't uri ng naggagandahang [mga halamang] magkakapares.**

**8. [Ito ay bilang] isang [magandang] tanawin at isang babala sa bawa't alipin [tao] na nagbabalik-loob [sa Allah].**

**9. At Aming ibinaba ang pinagpalang ulan mula sa langit, at Aming pinangyaring tumubo sa pamamagitan nito ang mga halamanan at mga butil na pag-aanihan.**

**10. At ang mga nagtataasang puno ng datiles na [hitik sa] mga bungang nagkakalipumpunan**

**11. [Bilang] panustos para sa mga alipin [ng Allah]. At Aming binigyang buhay sa pamamagitan nito ang [dati ay] tigang na lupa. Ganyan [nahahalintulad] ang paglabas [ng mga patay mula sa mga libingan sa Araw ng Pagkabuhay na Muli].**

**12. Ang mga mamamayan ni Noah ay naunang nagtakwil sa kanila, at ang mga naninirahan sa [bayan ng] Rass at ang [Tribu ng] Thamud;**

**13. At ang [mga mamamayan ng] 'Aad, at si Paraon, at ang mga kapatid [o mga mamamayan] ni Lot;**

**14. At ang mga naninirahan sa mga kakahuyan [i.e.Aykah] at ang mga mamamayan ng Tubba.' Lahat ay nagtakwil sa [kanilang] mga sugo, kaya ang Aking banta [babala ng parusa] ay makatuwirang ipinatupad.**

**15. "Kami ba ay nabigo sa unang paglikha? [Hindi!] Subali't, sila ay nasa kalituhan tungkol sa panibagong paglikha [sa Araw ng Pagkabuhay na Muli].** - Surah Qaf: 1-15

Sa pambungad ng kabanata ay isang talakayan kasama ang mga nagtatwa sa pagkabuhay muli, na kung saan sila ay pinapalayo ang katotohanang babalik sa pagkabuhay pagkatapos na sila ay maging alikabok sa lupa.

Mga dakilang katibayan na nakikita na nagtuturo sa kanila sa muling pagkabuhay at pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan.

**Ang Una :** pag-unat ng kanilang mga paningin tungo sa dakilang pagkalikha ito ay ang pagkalikha ng kalangitan. Nakikita nila ang napakalaking sukat nito at ang mga dumadaloy na bituin nito. At ang paglikha ng lupa sa kalawakan ng lapad nito, at ang pag-angkla ng mga bundok nito, at ang ganda ng mga punong kahoy nito.

Ang sinumang lumikha ng napakalaki at dakilang nilikha na ito ay hindi mahirap sa Kanya na ibalik ang buhay ng maliit na tao pagkatapos ng kanyang kamatayan, at ibalik siya sa Kanya muli. Sinabi ng Allah: (**at Siya ang [tanging] Tagapaglikha, ang Maalam.**) - Surah Yaa Seen: 81

Ang kahulugang ito ay binanggit ng Allah sa isa pang talata, Kanyang sinabi: (**Ang paglikha sa mga kalangitan at kalupaan ay nakahihigit kaysa sa paglikha sa sangkatauhan; ngunit karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam.**) **-** Surah Ghaafir: 57

**Ang pangalawa:** Ang pagkabuhay ng patay na lupa pagkatapos na ito ay nabuhusan ng tubig, at ang pagsigla nito pagkatapos ng katamlayan, at lalabas ang mga puno ito, mga bunga nito, at mga bulaklak nito pagkatapos na ito ay tuyo at walang buhay. At ito ay paulit-ulit na eksena na hinihintay

at pinagmamasdan ng mga tao, at ito ay eksena ng pagbalik ng buhay pagkatapos ng kamatayan. Tulad ng pagbalik ng buhay ng mga tao pagkatapos ng kanilang kamatayan. Ito rin ay binanggit ng Allah sa isa pang talata, Kanyang sinabi: (**At kabilang sa Kanyang mga ayaat [tanda ay ito]; na iyong nakikita ang lupa na [dati ay] tigang, nguni't kapag Aming ibinaba ang tubig [o ulan] dito, ito ay gumagalaw at [ang mga pananim nito] ay tumutubo. Katotohanan, Siya na nagbigay ng buhay nito [ng lupa], ay Siya ring magbibigay ng buhay sa [dati ay] patay. Katotohanan Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay.**) **- Surah Fussilat: 39**

**Ang pangatlo :** Ang Allah ang lumikha sa tao sa unang pagkakataon, At ang sino mang lumikha sa unang pagkakataon ay may kakayahang lumikha muli nito. At muling buhayin ito pagkatapos ng kanyang kamatayan. At ito ay nabanggit sa ibang mga talata, kabilang ang sinabi ng Allah: **78. At siya ay naglahad para sa Amin ng isang paghahalintulad, nguni't nakaligtaan niya ang pagkakalikha sa kanya. Siya ay nagsasabi: "Sino ang magbibigay buhay sa mga [kalansay] butong ito pagkaraang magkalansaglansag [o maging alabok]?"**

**79. Sabihin: "Siya [ang Allah] ang magbibigay ng buhay sa kanila [sa mga butong ito sapagkat] Siya [ang] unang lumikha nito; At Siya ang Maalam sa lahat ng nilikha."** (Surah Yaa Seen: 78-79) at sinabi ng Allah**: 27. At Siya ang nagpasimula sa paglikha, pagkaraan ito ay Kanyang uulitin; at ito ay madali para sa Kanya. Sa Kanya ang [pagmamay-ari ng] pinakamataas na paglalarawan [o katangian] sa mga kalangitan at kalupaan. At Siya ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.** (Surah Ar-Room: 27)

Kaya ang pagbabalik ng buhay sa tao ay mas madali kaysa sa paglikha sa kanya mula sa wala sa unang pagkakataon. At ito ay para mapalapit ang kahulugan, upang maunawaan ng tao; sapagkat ang lahat ng iyon ay madali lamang sa Allah at walang makakapigil sa Kanya sa lupa man o sa langit. **82. Katotohanan, ang Kanyang kautusan, kapag Siya ay maglalayon ng anupamang [bagay na nais Niyang gawin o likhain]; Siya ay magsasabi rito na: "Maging," kaya mangyayari nga**. (Surah Yaa Seen: 82)

Ang lahat ng ito ay mga patunay ng muling-pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan, at ng pagpunta sa Allah sa kabilang-buhay.

Pagkatapos ay sinabi ng Allah: **16. At katiyakang Aming nilikha ang tao, at Aming nababatid kung ano ang ibinubulong ng kanyang kaluluwa sa kanya. At Kami ay malapit sa kanya nang higit kaysa sa litid ng ugat [sa kanyang leeg]. 17. [Alalahanin] kapag ang dalawang tagapagtanggap [mga anghel na tagapagtala] ay tumatanggap [at nagtatala ng bawa't gawa], nakaupo [ang isa] sa kanan at [ang isa ay] sa kaliwa. 18. Siya [ang tao] ay walang namumutawing isa mang salita malibang kasama nito ang isang tagapagmasid sa kanya na handang [magtala ng kanyang mga gawa]. 19. At ang pagkaaligaga [pagiging tuliro] sa kamatayan ay magdadala ng katotohanan; "Iyan ang anumang iyong tinatangkaang iwasan." 20. At ang pagkaaligaga [pagiging tuliro] sa kamatayan ay magdadala ng katotohanan; "Iyan ang anumang iyong tinatangkaang iwasan." 21. At bawa't kaluluwa [tao] ay darating, kasama nito ang isang [anghel na] magtataboy [sa kanya] at isang [anghel na] sasaksi. 22. [At ito ang sasabihin]: Katiyakan ikaw ay hindi nagbigay-pansin tungkol dito; at Aming**

**hinawi mula sa iyo ang iyong kubling-takip, 768 kaya ang iyong paningin sa Araw na ito ay matalim." 23. At ang kanyang kasama [na anghel] ay magsasabi: "Ito ang aking [itinalang mga gawa] na nakahanda [para sa iyo]. 24. [Ang Allah ay magsasabi sa mga anghel]: "Itapon sa Impiyerno ang bawa't mapaniil [matigas ang loob] na di-naniwala! 25. [Siya na] tagapaghadlang ng kabutihan, ang mapanlabag, [at] ang mapag-alinlangan," 26. [Siya] na gumawang [mag-akibat] sa Allah ng ibang diyos [bilang Kanyang kapantay]. Kaya, siya ay inyong itapon sa masidhing parusa." 27. Ang kanyang kasamahan [na demonyo] ay magsasabi: "Aming Panginoon, hindi ko siya ginawang sumuway, bagkus siya [sa kanyang sarili] ay nasa malayong pagkaligaw." 28. [Ang Allah ay] magsasabi: "Huwag kayong magtalo sa Aking harapan, sapagka't katiyakan na Aking ipinakita [noon pa man] sa inyo ang banta [o babala]. 29. Ang salita [ng paghatol] ay hindi magbabago sa Akin, at [kailanman] Ako ay hindi naging di-makatarungan sa Aking mga alipin." 30. Sa Araw na Aming sasabihin sa Impiyerno: "Ikaw ba ay napuno na? Ito ay magsasabi: Mayroon pa bang [iba na darating]?" 31. At ang Paraiso ay ilalapit sa mga natatakot [sa Allah] sa di-kalayuan. 32. [At sasabihin sa kanila]. "Ito ang anumang ipinangako sa inyo - [inilaan] para sa bawa't nagbabalik-loob [sa Allah], at nag-iingat [sa Kanyang kasunduan]. 33. [Sila yaong tunay na] kinatakutan ang di-nakikitang Mahabagin [ang Allah] at dumating na may pusong nagbabalik-loob [sa pagsisisi]. 34. "Humayo kayong magsipasok dito [sa hardin ng Paraiso] nang mapayapa, iyan ang Araw ng Walang Hanggan." 35. Kanilang makakamit ang anumang kanilang naisin dito, at sa Amin ay mayroong karagdagang [laang] iba pa. 36. At ilang henerasyon [o salin-lahi] na**

**ba ang Aming winasak nang una sa kanila, [sila ay] higit na malakas sa kapangyarihan kaysa sa kanila? At [nang ang Aming parusa ay ipinatupad], sila ay nagsitakas sa mga lupain. Mayroon bang isang pook para makatakas? 37. Katotohanan, naririto ang isang paalaala para sa sinumang may pusong [nakauunawa] at nakikinig habang siya ay nagbibigay-pansin.** (Surah Qaaf: 16-37)

At sa eksenang ito, ang paglalakbay ng buhay kasama ng mga yugto nito mula sa unang pagsilang sa mundong ito kung saan ang gawain ay nasa ilalim ng pangangalaga ng Allah at ang Kanyang kaalaman ay sumasaklaw. At Siya na nakakaalam ng lihim at mga nakatagong bagay. At alam niya ang itinatago ng kanilang mga dibdib at ang kanilang ipinapahayag. Ito ay isang pagmamasid na kumukuha sa sarili ng mga sukat nito, at sumusubaybay dito sa mga pagkilos at mga mungkahi nito. Lahat ng hininga ay bilang, lahat ng iniisip ay alam, lahat ng kilos ay nasusukat, at lahat ng iyon ay nakasulat, at ang Allah ay alam ang mga lingid na kaalaman, hindi makaliligta o makakaalpas mula sa Kanya ang kahit isang timbang ng munting bagay sa loob ng mga kalangitan at sa loob ng kalupaan, o anumang higit na maliit kaysa riyan o higit na malaki maliban na ito ay nakatala sa isang malinaw na talaan. Pagkatapos ay nagtatapos ang maikling buhay, at biglaang dumadapo sa tao ang pagkalasing ng kamatayan na hindi niya inaasahan. Ito ay isang pagkalasing dahil ito ay isang pag-aalis mula sa mundong ito, at isang pagtanggap sa susunod na buhay.

Pagkatapos ay lumilipat ang eksena sa mundo ng kabilang buhay at ang nakakatakot na eksena nito. Eksena ng muling pagkabuhay, pagtitipon, paglilitis at pag-aaway.

At dito makikita natin ang dalawang eksena na nakapaligid sa tao. Ang anghel na sumusulat ng kanyang mga nagawa ay inihaharap ito at sinasabi. **23. "Ito ang aking [itinalang mga gawa] na nakahanda [para sa iyo]."** (Surah Qaaf: 23) At ang satanas na dating lumiligaw sa kanya at inaanyong maganda ang kasamaan para sa kanya, ay tatalikod sa kanya, na sinasabi: **27. "Aming Panginoon, hindi ko siya ginawang sumuway, bagkus siya [sa kanyang sarili] ay nasa malayong pagkaligaw."** (Surah Qaaf: 27) At mabilis na nagtatapos ang hidwang ito patungo sa isang lugar ng pagbabayad. Ang mga masasama ay paparusahan sa daan patungo sa impiyerno. At ang mga may takot sa Allah ay malapit sa kanila ang paraiso at hindi malayo. At ang mga kwalipikasyon ng karangalang ito ay ang kanilang takot sa Allah sa mundo, ang kanilang paniniwalang tapat sa Kabilang Buhay, at ang pagtutok ng kanilang mga puso sa Allah. At kung gayon, ang paraiso na kanilang pinanampalatayanan sa hindi nakikita ay naging nakikita na nila, at sila ay tinatanggap nang may pagbati. **34. "Humayo kayong magsipasok dito [sa hardin ng Paraiso] nang mapayapa, iyan ang Araw ng Walang Hanggan." 35. Kanilang makakamit ang anumang kanilang naisin dito, at sa Amin ay mayroong karagdagang [laang] iba pa.** (Surah Qaaf: 34-35)

Ang pananampalataya sa muling pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan, at ang pakikipagtagpo sa Diyos sa hinaharap na buhay ay hindi isang teoryang ideya, kundi isang buhay na damdamin na nagdidirekta sa buhay ng tao at ang kanyang mga gawi kapag siya ay kumikilos o umaalis. At ang pagkakaiba ay malayo sa buhay ng pananampalataya sa kanyang lawak at ginhawa at gising na budhi dito kumpara sa buhay na inaalok ng makabagong sibilisasyon, na bihirang nag-uusap tungkol sa Allah o naghahanda para sa Kanyang pakikipagtagpo, o

nakadarama ng Kanyang pagsubaybay at pagmamasid. At para sa mga materyalista at mga ateista, ang kamatayan ay pagtatapos ng buhay at simula ng kawalan, ngunit ang susunod dito ay isang nakakagulat na surpresa na hindi nila inasahan. **([At ito ang sasabihin]: Katiyakan ikaw ay hindi nagbigay-pansin tungkol dito; at Aming hinawi mula sa iyo ang iyong kubling-takip, kaya ang iyong paningin sa Araw na ito ay matalim.")** (Surah Qaaf: 22)

Pagkatapos ay muling pinapaalala ng mga talata ang mga nalinlang sa mundo na ang mga anyo ng kapangyarihan na nasa kanilang mga kamay ay isang pansamantalang kapangyarihan. Mabilis na mawawala at maglalaho ito sa harap ng kapangyarihan ng Allah at ang Kanyang paghihiganti. At may mga lahi na nauna sa kanila sa mga naunang panahon na mas malakas at mas maraming bilang, ngunit hindi nakatulong ang kanilang lakas, at hindi nakatulong ang kanilang dami, at sila ay naglaho sa mundo na parang hindi sila kailanman narito.

Pagtapos ay sinabi ng Allah: **38. At katiyakan, Aming nilikha ang mga kalangitan at ang kalupaan at ang anumang nasa pagitan ng mga ito sa [loob ng] anim na araw. At Kami ay walang nadaramang kapaguran [mula sa paglikha] nito. 39. Kaya, magtiis ka [O, Muhammad] sa anumang kanilang sinasabi. At luwalhatiin mo ang mga papuri ng iyong Panginoon bago sumikat ang araw at bago ang paglubog nito. 40. At sa [ilang] bahagi ng gabi, luwalhatiin mo ang Kanyang mga papuri at gayon din pagkaraan ng iyong mga pagpapatirapa. 41. At makinig sa Araw na [iyon] kapag ang tagatawag [ang Anghel Israfeel] ay manawagan mula sa malapit na kinaroroonan. 42. Sa Araw na [iyon] kanilang maririnig ang as-sayhah ng katotohanan: iyan ang Araw ng Paglabas [ng mga**

**patay mula sa mga libingan]. 43. Katotohanan, Kami ang magbibigay ng buhay at [Kami rin] ang magdudulot ng kamatayan; at sa Amin ang huling patutunguhan. 44. Sa Araw na [iyon] ang lupa ay mabibiyak mula sa kanila, [at sila ay maglalabasan sa mga libingan na] humahangos. Iyan ang pagtitipon na magaan sa Amin [para gawin]. 45. Kami ang higit na nakababatid sa anumang kanilang sinasabi. At ikaw [O Muhammad] ay hindi isang tagapilit sa kanila [upang sila ay maniwala]. Subali't, iyong paalalahanan sa pamamagitan ng Qur'an ang sinumang [tunay na] natatakot sa Aking banta [o babala].** (Surah Qaaf: 38-45)

At ganito, bumalik ang sura gaya ng simula nito na nagsasalita tungkol sa mundo at ang paglikha nito. At nilikha ng Diyos ang mga langit at lupa at ang nasa pagitan nila mula sa mga uniberso at mga galaksiya at mga bituin sa anim na araw at wala Siyang naranasang hirap o pagod sa paggawa nito. At ito ay pagwawalang bisa sa paniniwalang ang Allah ay lumikha ng sansinukob sa anim na araw at pagkatapos ay nagpahinga sa ikapitong araw, ang Araw ng Sabado. At ito ay isang pahayag na hindi maaring manggaling sa mga mensahero ng Allah na sila ang may pinakamataas na kaalaman tungkol sa Allah. Ang mga salitang ito ay kawalan ng kaalaman sa Diyos at masamang pag-aakala sa Kanya. Sapagkat ang Allah na Makapangyarihan sa lahat ay may ganap na kapangyarihan. Siya ay makapangyarihan sa lahat ng bagay. At kung nais Niya ng isang bagay, sinasabi lamang Niya ito: 'Maging' at ito ay nagiging. Kung ang Diyos ay nagpapahinga gaya ng kanilang sinasabi, sino ang mag-aalaga sa sansinukob na ito noon at magpapasimuno at mag-aangkop dito?! At ang katotohanan ay ang pag-uugnay ng pagod at pahinga sa Diyos ay isang kamangmangan na inimbento ng mga mangmang at iniuugnay ito sa mga banal na aklat ng Diyos. At ang Banal na Quran ay

pinangalagaan ng Diyos mula sa mga walang kabuluhang bagay at itinaguyod ang nararapat na kadakilaan at kalwalhatian nito.

Kaya't iniutos ng mga talata ang pagtitiis sa mga sinasabi ng mga mangmang, ang pagbaling sa Allah sa pamamagitan ng pagdakila at pagluluwalhati sa Kanya, at ang pagsamba, at ang paghahanda para sa Kanyang malapit na pakikipagtagpo pagkatapos ng buhay na ito. Pagkatapos ay nagtatapos ang surah sa paalala tungkol sa mga gawa ng mga propeta at ang kanilang misyon sa sangkatauhan. Ito ay: paggising ng isip, pagpapaunawa dito, at pagtutok sa kalayaan ng kalooban at pagpili, at ito ay isang paalala at hindi pamimilit sa pananampalataya, at si Muhammad ay hindi kailanman naging mapang-api, at hindi niya pinilit ang sinuman na pumasok sa kanyang relihiyon. Ito ay pinatunayan ng Quran sa maraming talata. Tulad ng sinabi ng Allah: **21. Kaya paalalahanan mo sila [O Muhammad]; sapagka't ikaw ay isang tagapagbabala lamang, 22. Ikaw ay hindi [isinugo bilang] isang tagapamahalang susupil sa kanila**. (Surah Al-Ghashiyah: 21: 22) at **54. At walang nakaatang sa Sugo maliban sa [tungkuling] maghatid nang malinaw [na mensahe]."** (Surah An-Noor: 54).

# Surah Al-ikhlas

Ang maikling surang ito ay tungkol sa Allah bilang Nag-iisa, purong-puri at pagdadakila. At dahil sa kahalagahan ng mga kahulugan ng salin ng talatang ito at ang kanyang pagkakatangi, sinabi ng Propeta ﷺ na ito ay katumbas ng isang-katlo ng Qur'an. – iniulat ni Bukhariy at Muslim

At Kanya pang sinabi: **(Katotohanan, Kami [ang Allah] ay nagpahayag sa iyo [O Muhammad] tulad ng Aming pagpapahayag kay Noah at sa mga propeta pagkaraan niya. At Kami ay nagpahayag kina Abraham, Ismael, Isaak, Hakob, at Asbat [ang mga anak ni Hakob], Hesus, Job, Jonas, Aaron, at Solomon; at kay David, Kami ay nagkaloob ng Zabur [Psalmo]. At [Aming ipinadala ang] mga sugong Aming isinalaysay sa iyo noon, at ang mga sugong hindi Namin isinalaysay sa iyo, at ang Allah ay nangusap kay Moises nang [tuwirang] pananalita. [Aming ipinadala ang] mga sugong tagapaghatid ng mga magagandang balita at tagapagbabala upang ang sangkatauhan ay walang maipangangatuwiran laban sa Allah pagkaraan ng [pagdating sa kanila ng] mga sugo. At ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, [Siya ang] Tigib ng Karunungan.Nguni't ang Allah ay sumasaksi sa anumang Kanyang ipinahayag sa iyo; Kanyang ipinahayag ito sa pamamagitan ng Kanyang Kaalaman, at maging ang mga anghel ay sumasaksi [rin]. At ang Allah ay sapat na bilang Saksi.)** -Surah An Nisaa: 163-166

**( At katiyakan, Aming ipinadala sa bawa't pamayanan ang isang sugo [na nag-aanyayang]: "Sambahin ang Allah [tanging Siya], at iwasan ang [pagsamba sa] mga huwad na**

**diyos." Kabilang sa kanila ay yaong mga napatnubayan ng Allah, at kabilang [din] sa kanila ay yaong mga nararapat na mapaligaw. Kaya, humayo kayong magsipaglakbay sa mga lupain at inyong tunghayan kung paano ang naging wakas ng mga nagsipagtakwil [sa katotohanan].) -**Surah An-Nahal : 36)

# 9- Ang Pagkilala sa Sugo na si Muhammad ﷺ

Ang mga ayat ng Qur'an ay nagpakilala sa propeta ﷺ at nagpatunay ng kanyang pagkatao, na siya ay alipin ng Allah na ipinadala mula sa Kanya, at ang kanyang misyon ay para sa lahat ng tao sa bawat lugar at panahon, at binanggit din ang kanyang mga mabuting katangian at dakilang asal.

Sinabi ng Allah: (**Sabihin mo** (**oh Muhammad**)**: "Ako ay isang taong katulad lamang ninyo. Ipinahayag sa akin na ang inyong diyos ay Tanging Isang Diyos- [ang Allah]. Kaya, sinumang umaasa sa pakikipagharap sa kanyang Panginoon - hayaan siyang gumawa ng mga gawaing matwid at huwag siyang magtambal ng isa man sa pagsamba sa kanyang Panginoon.**) - Surah Al-Kahaf : 110

Sinabi pa ng Allah: (**Katiyakang dumating na sa inyo ang isang Sugo [Muhammad] mula sa inyong mga sarili [lahi]. Ikinalulungkot niya na kayo ay dumanas ng kahirapan. Siya ay nagmamalasakit sa inyo [hangad niya na kayo ay mapatnubayan]; [at] sa mga naniniwala, [siya ay] mabait, at maawain.**) - Surah At-Tawbah: 128

Sinabi pa ng Allah: (**At ikaw [O Muhammad] ay hindi Namin ipinadala maliban bilang isang habag para sa lahat [ng mga nilikha].**) - Surah Al-Anbiyaa': 107

Sinabi pa ng Allah: (**At katotohanan, ikaw ay nagtataglay ng dakilang pag-uugali [o huwaran sa kagandahang asal].**) -Surah Al-Qalam: 4

Sinabi pa ng Allah: (**Katiyakan, ipinagkaloob ng Allah ang [malaking] kabutihang-loob para sa mga naniniwala nang Kanyang ipinadala sa kanila ang isang Sugo [si Muhammad] mula sa kanilang mga sariling [lahi], binibigkas sa kanila ang Kanyang mga ayaat [kapahayagan], at sila ay dinadalisay [mula sa kasalanan] at itinuturo sa kanila ang Aklat [Qur'an] at karunungan, bagaman noong una, sila ay nasa hayag na pagkaligaw.**) -Surah Ali 'Imran: 164

Sinabi pa ng Allah: (**O Propeta, katotohanan, ikaw ay Aming ipinadala bilang saksi, at isang tagapaghatid ng magandang balita, at isang tagapagbabala. At [bilang] isang nag-aanyaya sa Allah sa pamamagitan ng Kanyang kapahintulutan, at isang nagliliwanag na lampara.**) - Surah Al-Ahzab: 45-46

At pinatunayan ng mga talata ng Qur'an na si Propeta Muhammad ﷺ ay tao lamang, hindi isang anghel, at hindi din isang diyos, kundi isang alipin ng Allah at isang sugo mula sa Kanya. Sinabi ng Allah: (**Sabihin mo [oh Muhammad]: "Luwalhati sa aking Panginoon. Hindi ba ako ay isang taong isinugo lamang?"**) - Surah Al-Isra: 93

Sinabi pa ng Allah: (**Sabihin mo [sa kanila O Muhammad], "Hindi ko sinasabi sa inyo na tangan ko ang kaban [ng yaman] ng Allah, ni nababatid ko ang Ghaib [mga pangyayaring di-nakikita], at hindi ako nagsasabi sa inyo na ako ay isang anghel. Sapagka't, ako ay sumusunod lamang sa anumang ipinahayag sa akin.**) - Surah Al-An'am: 50

At pinatunayan ni Propeta Muhammad ﷺ na ang serye ng mga sugo at mga propeta ay nagtapos sa kanya, at tinanggihan ang anumang posibilidad na asahan ang ibang propeta matapos ang kanyang propesiya, o ibang batas pagkatapos ng kanyang batas, na isang pambihirang kalagayan na walang katulad sa kasaysayan ng mga propesiya. Sinabi ng Allah: **(Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, nguni't [siya ay] Sugo ng Allah at huli sa [kawing ng] mga propeta. At ang Allah ay Lagi nang Maalam sa lahat ng bagay.)** -Surah Al-Ahzab: 40

At sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "at katotohanang walang Propeta pagkatapos ko". -Iniulat ni Bukhariy at Muslim

Si Moises ay hindi nagpasinungaling sa pagdating ng isang propeta pagkatapos niya, kundi sa kabaligtaran, siya ay nagbigay ng balita at kinumpirma ito, at talagang may dumating na isang propeta pagkatapos ni Moises na siya ay si Kristo, kapayapaan nawa sa kanilang dalawa.

At tunay na hindi itinanggi ni Kristo ang pagdating ng isang propeta pagkatapos niya, sa halip, ipinahayag at pinagtibay niya ito, at talagang may isang propeta na dumating pagkatapos ni Kristo na siya ay si Muhammad.

Ngunit si Muhammad lamang, sa lahat ng mga propeta, ang hindi nagbigay ng balita ng pagdating ng sinumang propeta pagkatapos niya, kundi sa kabaligtaran, kanyang pinatunayan at itinaguyod ang kanyang aklat na siya ang 'Huli sa mga propeta', at walang propeta pagkatapos niya.

At ang kanyang patunay (na walang propeta pagkatapos niya) ay nananatiling matatag sa paglipas ng panahon, hindi ito natitinag, sa kabila ng paglipas ng mahahabang panahon na ito, na walang kapantay sa kasaysayan ng mga propesiya.

## 10- Ang Kalagayan ng isip sa Qur'an

Ang mga talata ng Qur'an ay nakikipag-usap sa isipan at nag-aanyaya na gamitin ito sa maraming talata, kaya't nauulit ang panawagan. (**Katotohanan, naririto ang mga ayaat [palatandaan] para sa mga taong nakauunawa.**) - Surah Ar-Room: 24. (**Hindi ba kayo kung gayon makauunawa?**) - Surah Al-mu'minoon: 80 (**Katotohanan, naririto ang mga ayaat [palatandaan] para sa mga taong nag-iisip.**) -Surah Ar-Ra'ad: 3 **Upang sakali, sila ay makapag-isip.** - Surah Al-'Araf: 176

At inaakusahan ng Qur'an ang mga taong nagpatigil ng kanilang mga isipan at nagkontento sa pagkopya mula sa mga naunang tao nang walang pag-iisip o pananaw. (**At kapag sinasabi sa kanila: "Sumunod kayo sa anumang ipinahayag ng Allah." Sila ay nagsasabi: "Hindi! Aming susundin ang anumang natagpuan naming sinusunod ng aming mga ninuno." [Sabihin] "Kahit ba ang kanilang mga ninuno ay walang anumang naunawaan at sila ay hindi napatnubayan?"**) -Surah Al-Baqarah: 170

Pinagsabihan ng mga talata ng Qur'an ang mga tao na pinabayaan ang kanilang isipan at hindi tumingin o naghanap ng patunay, para silang walang isipan nang hindi nila ginamit

ang kanilang katalinuhan sa pinakamahalagang mga isyu, na siyang relihiyong kanilang sinusunod.

(**Sila ay mayroong mga puso na hindi marunong makaunawa**) - Surah Al-A'raf: 179

At ipinakita ng mga ayat ng Qur'an na ang Diyos ay nagbigay sa tao ng kakayahang isipin ang pagkakaiba ng tama at mali, at iniwan sa kanya ang kalayaan ng kalooban at pagpili, at ang pananagutan sa desisyon.

Sinabi ng Allah: (**Katotohanan, Aming nilikha ang tao mula sa isang patak ng pinaghalong semilya upang siya ay Aming subukan; at siya ay Aming ginawang makarinig, [at] makakita. 3. Katotohanan, siya ay Aming pinatnubayan sa landas, magpasalamat man siya o hindi magpasalamat.**) - Surah Al-Insan: 2-3

At sinabi pa ng Allah: (**At sabihin: "Ang katotohanan ay nagmula sa inyong Panginoon, kaya, sinuman ang magnais, hayaan siyang maniwala; at sinuman ang magnais, hayaan siyang hindi maniwala."**) - Surah Al-Kahaf: 29

(**Walang sapilitan sa [pagtanggap ng] relihiyon. Katotohanan, ang matuwid [na landas] ay malinaw kaysa sa lihis [maling landas].**) - Surah Al-Baqarah: 256

Kaya't walang anumang bagay sa mga usaping pananampalataya sa Qur'an na nagiging sanhi ng pag-aalala sa isip o nagdudulot ng krisis, sa halip ay makikita natin na ang lahat ng mga itinakda nito ay akma sa wastong intelektwal na pananaw at umaayon sa likas na pagkatao na nagkakaroon ang lahat ng tao.

At ang pinakamahalagang isyu na dapat pag-isipan ng tao nang malalim ay ang kanyang pag-iisip sa mga pangunahing

tanong tungkol sa pag-iral, Saan ako nagmula? Ano ang tunay kong misyon sa buhay? At saan ang aking wakas at kapalaran? At hindi siya makakahanap ng tiyak at mapayapang sagot kundi sa banal na paghahayag, at ang pinaka-tapat na paghahayag para sa sangkatauhan ay ang Qur'an, kung saan matatagpuan ang sagot sa mga kritikal na tanong tungkol sa pag-iral.

At sinumang tumanggap sa usapin nang may seryosong layunin at inialay ang kanyang pagsisikap upang maabot ang katotohanan at nanalangin sa kanyang Panginoon para sa patnubay, tiyak na hindi siya iiwan ng Allah, at papatnubayan siya sa tamang landas, at ang tunay na relihiyon.

At ang sinumang nagmaliit sa usaping ito at hindi ito tinanggap ng seryoso at umiwas sa mensahe ng Diyos at hindi ginamit ang kanyang isipan at pag-iisip ay nagkasala sa kanyang sarili, sapagkat sinayang niya ito sa kalagayan ng pagkalito, at inilagay ito sa panganib ng pagkatalo sa kapalaran.

Sinabi ng Allah: (**Nguni't sinumang lumayo sa Aking paalaala [o babala], katotohanan, kanyang matatamo ang isang masaklap na buhay at siya ay Aming bubuhaying bulag sa Araw ng Pagkabuhay na Muli.**) - Surah Taa Haa: 124

Sinabi pa ng Allah: (**At sino ba ang mapaggawa ng kamalian nang higit kaysa sa isang pinaalalahanan sa mga ayaat [babala at aral] ng kanyang Panginoon, [nguni't] pagkaraan ay lumayo mula rito? Katiyakan Aming ilalapat ang [kaukulang] parusa sa mga mapaggawa ng kabuktutan.**) - Surah As-Sajadah: 22

# 11- Kapatirang Pantao

Sa tuwing tumatawag ang Allah sa sangkatauhan, hindi Siya tumatawag ayon sa lahi o kasarian kundi tinatawag Niya sila batay sa ugnayang nagbubuklod sa kanilang nag-iisang Ama: (**O mga anak ni Adan**) - Surah Al-'Araf : 35

Sa pagkakaugnay ng tao sa kanilang ama na si Adan, may pagkakaisa sa kanilang mga lahi, kulay, at tribo, at pagpawalang bisa ng mga pag-aaway na dulot ng pagkakaiba-iba ng lahi sa kanilang pagitan.

At itinatag ng mga talata ng Quran na ang ugnayan sa pagitan ng mga tao ng mundo at ng kanilang mga tribo ay pagkakakilala, at ang pagkakakilala ay daan tungo sa pagtutulungan. (**O sangkatauhan, kayo ay Aming nilikha mula sa lalaki at babae, at kayo ay Aming ginawang mga pamayanan at mga tribu, upang kayo ay mangagkakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa [paningin ng] Allah ay ang may [taglay na] takot [sa Kanya].**) - Surah Al-Hujurat: 13

Itinatakda ng mga talata ng Qur'an na pinarangalan ng Allah ang tao sa isang pangkalahatang paraan, simula sa ating Ama na si Adan, kaya walang tiyak na lahi na mas pinarangalan at iba na mas mababa ang katayuan at pagpapahalaga. Sabi

ng Allah: **(At tunay nga na Aming pinarangalan ang mga anak ni Adan, at sila ay Aming dinala sa mga lupain at karagatan, at ipinagkaloob sa kanila ang mabubuting panustos at sila ay Aming itinangi [o pinahalagahan] nang higit sa Aming mga nilikha nang [may tanda ng] pagtangi [o pagpapahalaga].)** -Surah Al-Isra: 70

At sa Banal na Qur'an, ang pagtatayo ng mga ugnayang pantao ay batay sa kabutihan at pagkakawanggawa sa pakikitungo, at sa katarungan at hindi paglalabag sa batayan ng pagkakaiba.

**(Hindi ipinagbabawal sa inyo ng Allah ang pakikitungo nang matwid at makatarungan sa mga hindi nakikipaglaban [o hindi umuusig at tumutuligsa] sa inyo nang dahil sa inyong relihiyon at maging yaong mga hindi nagtataboy sa inyo mula sa inyong mga pamamahay. Katotohanan, minamahal ng Allah ang mga makatarungan.)** -Surah Al-Mumtahina : 8

At pinagtibay ang pagkakabuti sa tao sa kanyang kahinaan at pangangailangan kahit na siya ay isang kaaway na lumalaban na nahuli, sapagkat ang bilanggong nasa kahirapan ay karapat-dapat sa pagkakabuti at malasakit; at nang binanggit ng Allah ang mga katangian ng Kanyang mga alipin na makakapasok sa Paraiso ay Kanyang sinabi*:* **(At sila ay namamahagi ng pagkain sa kabila ng pagmamahal para rito sa mga dukha, at ulila at bihag)** -Surah Al-Insan: 8

Kaya lahat ng mga ito ay mahihina at nararapat sa awa at kabutihan: ang dukha, ang ulila, at ang bilanggo.

## 12- Ang ugnayan sa dalawang magulang

Pinaalala ng Diyos sa mga anak ang pag-aalaga ng kanilang mga magulang sa kanila noong sila ay bata at mahina. At ang pinagdaraanan nila sa mga hirap at pagod na iyon. At tiniyak na ang karapatan sa kabutihan at magandang pakikitungo ay nananatili at tiyak kahit na ang mga magulang ay may ibang relihiyon bukod sa Islam, ang pagkakaiba ng kanilang relihiyon ay hindi nagpapababa sa kanilang mga karapatan.

Sinabi ng Allah: (**At Aming itinagubilin sa tao [na maging mabait] sa kanyang mga magulang. Ang kanyang ina ay nagpasan sa kanya - [at nakaragdag sa kanya] sa kahinaan at higit pang kahinaan, at ang pagpapasuso sa kanya ay [sa loob ng] dalawang taon – [magkagayon, ikaw ay matutong] magpasalamat sa Akin at sa iyong mga magulang. At sa Akin ang huling patutunguhan. Nguni't kung sila ay nagpupunyagi upang ikaw ay makagawa ng pagtatambal sa Akin nang wala kang kaalaman hinggil dito, samakatwid, huwag mo silang sundin; nguni't sila ay iyong damayin [at iyong kalingain] sa mundong [ito] nang may kaukulang kabaitan, at sundin mo ang landas niyaong mga nagbabalik-loob sa Akin [sa pagsisisi]. Pagkaraan, sa Akin ang inyong pagbabalik, at Aking sasabihin sa inyo ang anumang inyong laging ginagawa.**) -Surah Luqman: 14-15

At tiniyak ng Allah sa Qur'an ang paggalang at pagbibigay ng mabuting pakikisama sa mga magulang, at ginawa ang karapatan ng mga magulang na kasama ang Kanyang karapatan na may mataas na pagpapahalaga sa kanilang katayuan. Sinabi ng Allah: (**At ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kang sasambahin maliban sa Kanya, at maging mabuti [sa pakikitungo] sa mga magulang. Maging ang isa sa kanila o silang dalawa ay kapwa umabot na sa katandaang gulang. [Habang sila ay] nasa iyong piling, huwag kang mangusap sa kanila ng [salitang kawalang-galang tulad ng] "Uff", at huwag mo silang hiyawan [o sigawan] bagkus mangusap sa kanila ng salitang kapita- pitagan. 24. At iyong ibaba para sa kanilang dalawa ang diwa ng kababaang-loob bilang habag, at [ikaw ay] magsabing: "O aking Panginoon, kahabagan Mo po silang dalawa tulad ng kanilang pag-aruga sa akin [nang ako ay] musmos pa." 25. Ang inyong Panginoon ay Maalam sa anumang nasa inyong sariling [kalooban]. Kung kayo ay maging matwid [sa inyong layunin], katotohanan, Siya ay Lagi nang, sa mga [taong] malimit magbalik-loob, Mapagpatawad.**) - Surah Al-Isra: 23-25

# 13- Ang mga Pag-uugali sa Qur'an

Ang mga talata ng Qur'an ay nag-uudyok sa magagandang asal, naghihikayat dito, at iniharap ito bilang isang pagsamba sa Allah pati na rin bilang pakikitungo sa mga tao. Kaya't ang pagiging makatotohanan ay isang pagsamba sa Allah , at ang pagiging mabuti ay isang pagsamba sa Allah , at ang katapatan ay pagsamba sa Allah , at ang gantimpala nito sa Allah ay marangal at dakila. Ilan na rito ang sinabi ng Allah: (**O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah at makibilang kayo sa mga makatotohanan.**) - Surah At-Tawbah: 119

at sinabi ng Allah: (**Katotohanan, ang naglulubid lamang [ng kasinungalingan] – sila yaong mga di-naniniwala [o nagtatakwil] sa mga ayaat [kapahayagan] ng Allah, at sila yaong mga sinungaling.**) - Surah An-Nahal: 105

at sinabi din ng Allah: (**O kayong mga naniwala, huwag na ang isang mamamayan ay hamakin ang [ibang] mamamayan, maaaring sila ay higit na mabuti kaysa sa kanila. At maging [ang ilan] sa kababaihan ay huwag hamakin ang [ibang] kababaihan, maaaring sila ay higit na mabuti kaysa sa kanila. Huwag mangutya sa isa't isa at huwag tawagin ang isa't isa [sa nakasasakit] na mga palayaw. Napakasama ng pangalan [na nagpapahiwatig] ng pagsuway pagkaraan ng [kanyang] paniniwala. At**

**sinuman ang hindi magsisisi - magkagayon, sila yaong mga mapaggawa ng kamalian. O kayong mga naniwala, inyong iwasan ang labis na hinala; sapagka't ang ibang hinala ay kasalanan. At huwag kayong maniktik o manirang puri sa isa't isa. Nais ba ng isa sa inyo na kainin ang laman ng patay niyang kapatid? [Katiyakang] ito ay inyong kamumuhian. At matakot kayo sa Allah. Katotohanan, ang Allah ay [Siyang] tumatanggap ng pagsisisi, Maawain.)** -Surah Al-Hujurat: 11-12

at sinabi pa ng Allah: (**Katotohanan, ang Allah ay nag-uutos ng katarungan at mabuting asal at pagbibigay [ng tulong at pagmamalasakit] sa mga kamag-anak at nagbabawal ng kahalayan at masamang asal at pang-aapi. Kayo ay Kanyang pinagpapayuhan upang sakali kayo ay mapaalalahanan.**) -Surah An-Nahal: 90

at sinabi ng Allah: (**Katotohanan, ang Allah ay nag-utos sa inyo na isauli ang mga ipinagkatiwala sa mga kinauukulan [o nagmamay-ari] nito; at kung kayo ay maghahatol sa pagitan ng mga tao, kayo ay humatol nang makatarungan. Sadyang pinagpapala ng Allah ang anumang itinagubilin sa inyo. Katotohanan, ang Allah ay Lagi nang Nakaririnig, Lubos na Nakakikita.**) -Surah An-Nisaa' : 58

# 14- Ang Babae sa Qur'an

Para sa mga kababaihan, ang kanilang salin at katauhan sa Quran ay mula sa kanilang unang pag-iral sa katauhan ni Eva, asawa ni Adan na binanggit ng Allah ang paglikha kay Adan at ang kanyang asawa kasama niya, upang magbuo ng unang pamilya ng tao. Sinabi ng Allah**: (O sangkatauhan, kayo ay Aming nilikha mula sa lalaki at babae, at kayo ay Aming ginawang mga pamayanan at mga tribu, upang kayo ay mangagkakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa [paningin ng] Allah ay ang may [taglay na] takot [sa Kanya]. Katotohanan, ang Allah ay Maalam, Lubos na Nakababatid.)** -Surah Al-Hujurat: 13

At kapag tinawag ng Diyos ang Kanyang mga alipin sa Qur'an, tinatawag Niya sila sa isang pangkalahatang paraan na kinabibilangan ang mga lalaki at babae. Sinabi ng Allah: **(At ang kanilang Panginoon ay tumugon sa kanila. [At nagsabing]: "Kailanman ay hindi Ko hahayaang mawalan ng kabuluhan ang [mabubuting] gawa ng sinuman sa inyo - lalaki man o babae. Kayo ay para isa't isa.)** - Surah Ali-'Imran: 195

Sinabi pa Niya: **(at sinuman ang gumagawa ng gawaing matwid, lalaki man o babae, at siya ay naniniwala, sila**

**yaong mga papapasukin sa Paraiso, at sila ay hindi gagawan ng kamalian kahit sinliit man ng batik [sa buto ng datiles].)** -Surah An-Nisaa': 124

At sinabi pa Niya: **(Sinuman ang gumawa ng mga gawaing matwid, maging siya man ay lalaki o babae, at siya ay naniniwala, katiyakang Aming ipagkakaloob sa kanya ang magandang buhay, at katiyakan na sila ay Aming gagantimpalaan [sa kabilang buhay] nang ayon sa anumang pinakamabuti na kanilang lagi nang ginagawa.)** - Surah Al-Nahal: 98

At sinabi pa Niya: **(Katotohanan, ang mga lalaking tumatalima at ang mga babaing tumatalima, ang mga lalaking naniniwala at ang mga babaing naniniwala, ang mga lalaking masunurin at ang mga babaing masunurin, ang mga lalaking matapat at ang mga babaing matapat, ang mga lalaking matiisin at ang mga babaing matiisin, ang mga lalaking mapagkumbaba at ang mga babaing mapagkumbaba, ang mga lalaking mapagkawanggawa at ang mga babaing mapagkawanggawa, ang mga lalaking mapag-ayuno at ang mga babaing mapag-ayuno, ang mga lalaking mapangalaga ng kanilang dangal at ang mga babaing mapangalaga ng kanilang dangal at ang mga lalaking nagbibigay alaala sa Allah at ang mga babaing nagbibigay alaala sa Allah tuwina - ang Allah ay naghanda para sa kanila ng kapatawaran at isang dakilang gantimpala.)** - Surah Al-Ahzab : 35

At nang ang Diyos ay nagbigay ng halimbawa at modelo para sa mga mananampalataya, mga lalaki at babae, pinili niya ang dalawang dakilang babaeng nananampalataya bilang halimbawa para sa mga mananampalataya. Kanyang sinabi: **(At ang Allah ay naglahad ng isang [mabuting] halimbawa**

**para sa mga naniwala: [tulad ng] asawa ni Paraon nang siya ay nagsabi: "Aking Panginoon, ipagtayo Mo po ako ng isang tahanan sa hardin na malapit sa Iyo at iligtas Mo po ako kay Paraon at sa kanyang [mga masasamang] gawain at iligtas Mo po ako sa mga taong mapaggawa ng mga kamalian." At [ang halimbawa ni] Maria, 846 anak na babae ni Imran, na pinangalagaan ang kanyang dangal; at siya ay Aming hiningahan dito [sa kanyang damit] mula sa Aming ruh [sa pamamagitan ng Anghel Gabriel] at siya ay naniwala sa mga salita ng kanyang Panginoon at sa Kanyang mga Kasulatan, at [siya ay] isa sa mga tapat na masunurin [sa Amin].** - Al-tahreem : 11-12

Sa Qur'an, mayroong malaking paggalang kay Maria at sa kanyang ina at pagpapahalaga sa kanilang katayuan, na binanggit siya sa konteksto ng mga marangal na sugo: (**At [banggitin mo] ang isang nangalaga ng kanyang dangal [si Maria], na Aming hinipan [ang kanyang kasuutan] sa pamamagitan ng Aming Ruh [Anghel Gabriel], at siya ay Aming ginawa at ang kanyang anak [si Hesus] bilang tanda para sa lahat ng nilikha.**) -(Surah Al-Anbiya: 91)

At Kanyang sinabi ukol sa ina ni Maria na asawa ni Imran: (**[Banggitin mo, O Muhammad] nang ang asawa ni Imran ay nagsabi: "Aking Panginoon, katotohanan aking ipinangako po sa Iyo ang anumang nasa aking sinapupunan, na aking iaalay po [para sa paglilingkod sa Iyo] kaya tanggapin Mo po ito mula sa akin. Katotohanan, Ikaw ang Lubos na Nakaririnig, ang Maalam. Kaya, nang siya ay magsilang sa kanya [sa sanggol na si Maria], siya ay nagsabi: "Aking Panginoon, ako po ay nagsilang ng isang [batang] babae. At ang Allah ang higit na nakaaalam sa anumang kanyang isinilang. At ang lalaki ay hindi katulad**

**ng babae [sa paglilingkod] at siya ay aking pinangalanang Maria at ako po ay humihingi ng kanlungan [sa Iyo] para sa kanya at sa kanyang magiging mga supling laban sa satanas, ang isinumpa.")** - Surah Ali-Imran : 35-36

At ang mataas na katayuan ni Maria, at binanggit ang pagpili ng Diyos sa kanya at ang papuri ng mga anghel sa kanya, sinabi ng Allah: **(At [banggitin] nang sabihin ng mga anghel: "O Maria, katotohanan, ikaw ay pinili ng Allah, ikaw ay ginawang dalisay at ikaw ay pinili nang higit sa mga kababaihan sa lahat ng mga nilikha [sa sangkatauhan] 43. O Maria, ikaw ay maging masunuring tapat sa iyong Panginoon at ikaw ay magpatirapa at yumukong kasama ng mga nagsisiyuko [sa pagdarasal].")** - Surah Ali-Imran: 42-43

Ginawa ng Allah si Maria na isang tanda para sa lahat ng tao, sa kadalisayan, puri, pagtitiis at pagtitimpi.

# Mga Pamantayan ng Qur'an

Sa Banal na Qur'an, maraming mga talata na nagsisilbing pamantayan sa buhay, at isang sistema ng mga relasyon, tinipon ang maraming kahulugan sa maikling salita lamang, kabilang na dito ang mga sumusunod:

## 1- "At mangusap ng mabuting salita sa mga tao":

Ito ang panuntunan ng pagsasalita at ang konstitusyon nito sa pagitan ng mga tao. Ito ay pagpili ng magagandang salita at paglayo sa mahalay at nakakapinsalang usapan, kahit sa mga sumasalungat sa relihiyon, sinabi ng Allah: (**At huwag kayong makipagtalo sa mga Angkan ng Kasulatan [Hudyo at Kristiyano] maliban sa paraang pinakamabuti**) -Al 'Ankaboot: 46

Katulad din nito ang sinabi ng Allah: (**At sabihin mo sa Aking mga alipin na sila ay magsabi ng alinmang pinakamabuti**) **-**Surah Al Israa: 53.

Hindi siya magsasalita ng isang salita maliban na hahanapin niya ang pinakamahusay nito; sapagkat pinipili niya ang pinakamahusay na mga salita at sinasabi ito.

### 2- "At huwag ninyong kalilimutan na maging bukas-palad sa pagitan ninyo":

Ang utos na ito ay dumating sa isang talata na nagsasalita tungkol sa diborsyo at ang paghihiwalay sa pagitan ng mag-asawa, at nagtapos sa utos na ito, na siyang dapat nilang alalahanin palagi ang pagiging bukas-palad sa pagitan nila, at ito ang pagpapatawad at pagiging mabuti sa kapwa. Kung ang pagiging bukas-palad sa pakikitungo ay itinagubilin sa paghihiwalay, ito ay mas higit na ipinag-utos gawin sa pagitan ng mga tao sa kaganapan ng ugnayan at kasunduan. At ito ay laging alalahanin ng isang tao at huwag niyang kalimutan at maging ugali sa lahat ng pagkakataon.

### 3- "at walang sinuman ang maaaring managot sa pagkakasala ng iba":

Ito ay isang malinaw na katotohanan na na-uulit sa mga talata ng Qur'an na nagpapatibay sa indibidwal na pagpapasuko na nagbubuklod sa bawat tao sa kanyang sariling gawain. Kung siya ay magabayan ay magiging para sa kanya at kung siya ay magkamali ay magiging laban sa kanya. At walang kaluluwang magdadala ng pasanin ng iba. At walang nananalo ng gantimpala na nararapat sa iba. Sinabi ng Allah: ( **Na walang tagapagpasan ng mga dalahin ang magpapasan sa mga dalahin [o kasalanan] ng iba. At katotohanan, walang makakamtan ang tao maliban sa anumang [kabutihang] kanyang pinagpapakasakitan.**) -Surah An-Najam: 38-39

Walang sinuman ang magdadala ng pasanin ng sinuman, at walang sinuman ang kukunin ng iba ang kanyang mga mabuting gawa. Ang pakiramdam ng bawat indibidwal na siya ay ginagantimpalaan ng kanyang gawain ay magtutulak sa kanya sa paggawa ng may kapanatagan. Kaya hindi dapat mag alala ang indibidwal na baka panagutin siya dahil sa krimen

ng iba. Hindi siya magmamana ng kasalanang ginawa ng sinumang nauna sa kanya.

**4- "Ngunit hanapin, sa pamamagitan ng anumang ipinagkaloob ng Allah sa iyo, ang tahanan ng kabilang buhay, at huwag mong kalimutan ang iyong bahagi sa mundo":**

Ito ay isa sa mga payo ng mga mamamayan ni Qaron, nang siya ay pinagkalooban ng Allah ng napakalaking kayamanan, at siya ay nasiyahan nito, naging mayamot sa kanyang mamamayan at naging mapagmataas sa kanila. Pinayuhan nila siya ng mga payo, kabilang dito ay ang patutuwid nila sa kanya sa maaayos na paggamit ng kanyang kayamanan, ito ay ang paggamit sa kanyang kayamanan para sa gawaing pangkabilang buhay na kung saan ito ang kanyang kahahantungan at maging habang buhay na tirahan. At upang magbigay siya mula sa kanyang yaman para sa kanyang kabilang buhay, subalit hindi ito magbabawal sa kanya ng pagtatamasa ng karangyaan at kabutihan ng buhay, at paggastos ng kanyang kayamanan para sa kanyang makamundong kapakinabangan. Ito ay isang pagpapayo sa pagiging balansi sa paghahanda sa pagdaan ng buhay na ito at paghahanda sa pagdating ng kabilang buhay. Sa pamamagitan ng pagkamit ng balanseng ito at katamtaman, ang mga karapatan sa kabilang buhay ay natutupad nang hindi pinagkakaitan ang kaluluwa ng kabutihan at kaligayahan ng makamundong buhay.

**5- "Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay siyang pinakamatakutin sa Kanya":**

Ang pangungusap na ito ay bahagi ng talatang kumukumpleto sa kahulugan at pagpapalawak nito at nagbibigay linaw sa mga tinutukoy at sukat nito, sinabi ng Allah: (**O sangkatauhan,**

**kayo ay Aming nilikha mula sa lalaki at babae, at kayo ay Aming ginawang mga pamayanan at mga tribu, upang kayo ay mangagkakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa [paningin ng] Allah ay ang may [taglay na] takot [sa Kanya]. Katotohanan, ang Allah ay Maalam, Lubos na Nakababatid.)** -Surah Al Hujurat:13

Tunay na ang talatang ito ay nagpapaalala sa malaking pagbubuklod sa pagitan ng mga tao. Ito ay ang pagiging diyos ng Allah sa kanila na sila ay mga nilika lamang ng Allah, at ang kanilang pinagmulan bilang tao ay isa at ito ay ang ama ng sangkatauhan na si Adan at ang kanilang ina ay ang kanyang asawa, at ang pagkakaiba-iba nila bilang mga lahi, tribo, bansa at kulay ay hindi nangangahulugan ng hindi pagkakasundo at pagkakaiba, kundi pagkakakilala at pakikipagtulungan. Upang makamit ang katarungan sa pakikitungo sa mga tao, ang talatang ito ay magpapabagsak sa mga pamantayan sa lupa kung saan ang mga tao ay naiiba, nahihiwalay, hindi nagkasundo at nakikipaglaban, at ito ang pagiging panatiko sa mga maliliit na rasismo. Tulad ng pagiging panatiko sa lahi, kulay o nasyon o ang pagmamataas sa mga tao sa pamamagitan ng posisyon o salapi. Ang lahat ng mga pamantayang ito sa lupa ay bumabagsak at umaakit sa mga tao sa matataas na banal at moral na mga halaga, na pinagkakaisa ng pagkatakot sa Allah. Ito ang halaga na itinuturing ng Allah, at sa pamamagitan nito, ang mga kaluluwa ay bumabangon mula sa makitid na rasismo tungo sa kalawakan ng malawak na pananaw ng tao.

### 6- "At para sa mga ipinagkaloob na pagpapala ng iyong Panginoon, ito ay iyong isalaysay o ipagpasalamat nang lubusan".

Sa talatang ito ay iniutos Niyang banggitin ang biyaya ng Allah. Walang nabanggit sa talatang ito kung sino ang

pagsasalaysayan ng biyayang ito. At ang unang tao na pagsasalaysayan ng biyaya ng Allah ay ang kanyang sarili mismo. Kung kaya kanyang maaalala ang mga biyaya ng Allah na kanyang tinatamasa at isinasabuhay, na kung ang isa nito ay mawala ay hindi magiging maayos ang kanyang buhay.

Itong mga biyaya na ito ay naging nakasanayan na lamang hanggang sa hindi na niya ito napaparansin o nararamdaman. Ito ang biyaya ng isip na nagtangi sa kanya sa mga hayop. Ang kalusugan na kanyang tinatamasa sa buhay. Ang kapirasong pagkain na kanyang kinakain nang may kasiyahan. Ang pag-inom ng tubig na kanyang iniinom nang may kaligayahan. Ang bubong na ligtas nitong kanlungan. At ang biyaya ng kagalingan at kaligtasan mula sa mga panganib na nakapalibot sa kanya. At mananatili siyang magbanggit ng mga biyaya hanggang sa maramdaman niya na nalubog siya sa maraming biyaya mula sa Allah. Mabibilang niya ang ilan nito ngunit hindi ang lahat nito, sinabi ng Allah: **At kung inyong bibilangin ang mga pagpapala ng Allah, kailanman ay hindi Ninyo magagawang isa-isahin ang mga ito**. (Surah Ibrahim: 34)

At sinabi pa ng Allah: (**At anumang pagpapala na mayroon kayo - ito ay nagmula sa Allah.**) - An-Nahal: 53.

Ang tao ay manantiling magbanggit ng mga biyaya ng Allah sa kanyang sarili hanggang sa maramdaman niya ang pagiging mayaman at masagana. At ang kadiliman ng depresyon at kakulangan ay nawawala sa kanyang sarili. Patuloy siyang nagbabanggit sa kanyang sarili sa masaganang biyaya ng Allah na kanyang tinatamasa hanggang sa dakilain niya ang kanyang pagpapakumbaba sa Allah, ang kanyang pasasalamat, ang kanyang pagmamahal, kadakilaan, at ang madalas na pagtungo sa kanya kapag siya ay nasa bawat pangangailangan.

Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allaah) ay palagian nang paulit ulit ang hadith ng mga pagpapala tuwing gabi bago siya matulog. Kanyang sinasabi : **(Ang papuri ay para lamang sa Allah na nagpakain sa atin, nagpainom sa atin, pagpasapat sa atin, at nagbigay sa atin ng tahanan; sapagkat ilan sa mga tao ang walang kasapatan at walang tirahan.)** **-**Bukhariy at Muslim.

Tunay na binanggit dito ng Propeta ang mga biyaya na karaniwang natatamasa ng tao at ang pagpapaulit-ulit nito ay nagdudulot ng kahinaan na maramdaman ito, subalit ang pagpapaalaala nito sa sarili ay nagpapanibago sa tamis nito at pagpapasalamat nito sa Allah.

# Panghuli

Ito ang mga kabanata na mula sa mga kabanata ng maluwalhating Qur'an at mga talata na mula sa mga talata nito. Na sa pamamagitan nito ay kinikilala natin ang Dakila at Marangal na Aklat na ito.

Katotohanan na anumang dakilang aklat ang mababasa mo ng isang beses o dalawa ay pagdating sa pangatlo ay dadatnan ka ng pagkasawa maliban sa Dakilang Aklat na ito, ang Maluwalhating Qur'an. Kahit bahasahin mo ito ng isang libong beses ay hindi ka makakaramdam ng pagsasawa. Sa bawat bagong pagbabasa ay mamamangha ka at maaaliw ka, at inihahayag ang mga lihim nito sa iyo.

Binubuksan nito ang mga bintana na nakatanaw sa iyo. Kaya't makikita mo ang iyong sarili at ang sanlibutan sa paligid mo.

Nagbibigay ito sa iyo ng isang mikroskopyo, upang makita mo ang pinakamaliit, at binibigyan ka nito ng teleskopyo, upang makita mo ang pinakamalayo at pinakamalaki.

Isang bagay na hindi maipaliwanag ang gumagapang sa iyong kaluluwa, at ikaw ay natatakot, at ikaw ay nagpapakumbaba, at ikaw ay naluluha.

Ikaw ay tulad ng isang "makina" at ito lamang ang libro na nagpapaliwanag ng iyong mga detalye, alam ang iyong mga pagkakamali, at kayang ayusin ang iyong pagkasira.

Ito ang mapa, ito ang kompas, ito ang direksyon, ito ang daan.

Ang bawat aklat ay natatapos ang kanyang mga kamanghaan, at nauubos ang kanyang kadandahan maliban sa aklat na ito ang Maluwalhating Qur'an.

Sa Banal na Qur'an, mula sa unang linya sa unang pahina hanggang sa huling linya sa huling pahina: Ikaw ay nasa harap ng isang matibay  na istraktura. Hindi ka makakakita at hindi ka makakatagpo ng kahit isang pagkakamali dito.

Ang isang inhinyero ay mamamangha sa pag-iinhinyero nito at ang isang kimiko ay hindi maaabot ang kakaibang kimiko na napapaloob sa mga talata nito na nagsasalaysay sa iyo.

Sa bawat aklat, pagkatapos ng ilang pagbasa ay matutuklasan mo ang mga lugar ng kakulangan at kamalian dito, maliban sa Banal na Qur'an, sa bawat pagbasa ay matutuklasan mo ang mga pakinabang nito pagiging perpekto at kaakit-akit nito.

# Talaan ng mga nilalaman

Panimula........................................................................5

**Pambungad.....................................................................9**

**Ang pagpapakilala sa Qur'an..........................................9**

Paano ibinaba ang Qur'an? ............................................11

Mga Patunay ng Qur'an .................................................14

Mga palatandaan ng pagkatotoo ng Qur'an .....................19

Pangangalaga sa Qur'an.................................................23

**Kabilang sa mga kabanata ng Qur'an at mga talata nito ...........................................................27**

Surah Al-fatiha ..............................................................29

Surah Qaaf.....................................................................54

Surah Al-ikhlas...............................................................66

Ilan sa mga Gabay ng mga Talata ng Maluwalhating Qur'an ..........................................................................72

1- Ang Pagkilala sa Allah................................................73

2- Mga tanda ng kadakilaan ng Allah sa sanlibutan.........77

3- Ang kaisahan ng Allah ...............................................81

4- Pagpapatawad ng Allah sa mga kasalanan ng Kanyang mga Alipin......86
5- Ang pagtugon ng Allah sa panalangin ng Kanyang mga alipin......89
6- Ang pagsamba sa Allah.......91
7- Ang pananampalataya na sinasamba natin ang Allah sa pamamagitan nito.......93
8- Ang mga Propeta (sumakanila nawa ang kapayapaan).... 96
9- Ang Pagkilala sa Sugo na si Muhammad ﷺ ......99
10- Ang Kalagayan ng isip sa Qur'an......102
11- Kapatirang Pantao......105
12- Ang ugnayan sa dalawang magulang......107
13- Ang mga Pag-uugali sa Qur'an......109
14- Ang Babae sa Qur'an ......111
Mga Pamantayan ng Qur'an ......115
1- "At mangusap ng mabuting salita sa mga tao": ....115
2- "At huwag ninyong kalilimutan na maging bukas-palad sa pagitan ninyo": ......116
3- "at walang sinuman ang maaaring managot sa pagkakasala ng iba":......116
4- "Ngunit hanapin, sa pamamagitan ng anumang ipinagkaloob ng Allah sa iyo, ang tahanan ng kabilang

buhay, at huwag mong kalimutan ang iyong bahagi sa mundo”: .......... 117
5- “Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay siyang pinakamatakutin sa Kanya”: .......... 117
6- “At para sa mga ipinagkaloob na pagpapala ng iyong Panginoon, ito ay iyong isalaysay o ipagpasalamat nang lubusan”. .......... 118
Panghuli .......... 121

# Alamin ang Qur'an

Sa mga pahinang ito, isang kabanata ng Banal na Quran at mga talata nito, kasama ang maikling pagpapaliwanag na

napapalapit ang kahulugan nito. Upang maging huwaran na

magpapakilala sa Qur'an para sa mga hindi pa nakakabasa nito. At makikita niya rito ang isang sinag ng kanyang liwanag at isang tanglaw ng kanyang mga ilaw. At upang maging tagahikayat sa pagpapadagdag ng mga patnubay sa Qur'an at mga talata nito.

Ang bahaging ito ay hindi nagpapaliban sa sinuman at hindi

sapat para sa kanya na basahin ang buong Qur'an mula sa simula hanggang sa katapusan. Ngunit ito ay isang tulong para sa kanya kung binabasa niya ito na naging malinaw na sa kanya ang mga tampok, mga pangunahing isyu, at pangkalahatang landas nito sa kanyang isip.